

Narito Siya'y Dumarating

Ukol sa Babasahing ito

Mayroong iba't-ibang uri ng iglesia sa sanlibutan, at sila'y nag-aangking nagtuturo at naniniwala sa Biblia. Bawa't isa ay may iba't-ibang doktrina, at lahat ay nagtuturo ng tradisyong likha ng tao.

Ang World Council of Churches at iba't-ibang organisasyon sa marami nang mga taon ay nagsisikap na pag-isahin ang mga iglesia sa iisang paniwala. Sa kasalukuyan ito'y hindi pa lubusang nagtagumpay.

Ang babasahing ito ay nagtuturo ng tunay na aral ng Biblia sa iba't-ibang aspeto ng pamumuhay Kristiyano. Ito'y naglalaman din ng pag-aaral ukol sa mga hula para sa hinaharap. Sa Apokalipsis 13:11-18 ay sinasabi sa atin na ang Estados Unidos ay babangon na isang bansa ng kalayaan-bansa ng mga tao, binubuo ng mga tao, at para sa mga tao-isang iglesiyang walang papa at gobyernong walang hari. Subali't, ito'y magsasalitang gaya ng dragon. Sa pamamagitan ng espiritismo at mga bulaang aral ang mga tao'y madarayang maniwala sa kasinungalingan, na binago ng Dios ang Sabbath mula Sabado, ang ikapitong araw ng sanlinggo, sa Linggo, ang unang araw ng sanlinggo. Hihilingin nila na baguhin ng Kongreso ang Konstitusyon ng Estados Unidos. Ipatatupad ang Sunday Law at ang kaparusahan sa pasimula'y multa, pagkatapos pagkabilanggo, at sa katapusa'y kamatayan. Tinatawag ito ng Biblia na TANDA NG HAYOP. Ang bawa't bansa sa balat ng lupa ay magpapatupad ng gayon ding utos.

Ang nalalapit na krisis ay mabilis na dumarating, at gaya ng magnanakaw sa hatinggabi ito'y gugulat sa buong sanlibutan. Ang buong mundo'y mahahati sa dalawang grupo lamang—mga nangingilin ng Sabado at mga nangingilin ng Linggo.

Minamahal na bumabasa, ang babasahing ito ay inihahandog sa iyo upang tulungan kang lumikha ng tamang desisyon sa buhay na ito, upang ika'y mahanda para sa walang handang buhay na darating sa malapit nang ikalawang pagparito ng ating Panginoong Jesukristo.



Pag-aaral ng Biblia

Ang Biblia ay naglalaman ng katunayang ito'y mula sa Dios. Walang ibang aklat ang makasasagot sa ating mga katanungan o makasisiya sa pagmanasa ng puso na gaya ng Biblia. Ito'y angkop sa bawa't panahon at kalagayan sa buhay, puno ng kaalamang nagbibigay liwanag sa isip at nagpapabanal.

Sa Biblia ay inilalarawan ang buhay na Dios. Kapag tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya, ay makapagbibigay ng kapangyarihang baguhin ang buhay. Sa buong kasaysayan ang kamay ng Dios ay pumasa ibabaw nito at iniingat nito para sa sanlibutan.

Bilang Gabay, ang Biblia ay walang kapantay. Ito'y nagbibigay ng kapayapaan sa naniniwala at matibay na pag-asa sa hinaharap. Ito'y lumulunas sa mga suliranin, at nagbibigay inspirasyon sa isang buhay na dalisay, may pagtitiis, at mabubuting gawa. Pinupuno nito ang puso ng pag-ibig sa Dios at pagnanasang gumawa ng mabuti sa iba, anupa't inihahanda na maging kapaki-pakinabang dito sa lupa at sa langit. Ito'y nagtuturo ng kahalagahan ng kaluluwa sa

pagpapakita ng halagang ibinayad upang tubusin ito. Ito'y nagpapakilala sa tanging gamot sa kasalanan, at ipinahahayag ang tanging sakdal na alituntuning moral. Ito'y nagpapahayag sa hinaharap at ang kinakailangang paghahanda. Tayo'y pinatatapang nito para sa kabutihan, at nagbibigay lakas sa kaluluwang nasa kahirapan at kalungkutan.

Saan kapaki-pakinabang ang Kasulatan?

“Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran.” 2 Timoteo 3:16.

Ano ang layunin ng Dios sa pagbigay Niya ng Kasulatan?

“Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.” Talatang 17.

Sino ang umudyok sa mga taong nagsalita para sa Dios?

“Sapagka't hindi sa kalooban ng tao dumating ang hula kailanman: kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na naudyokan ng Espiritu Santo.” 2 Pedro 1:21.

Baki't naisulat ang Kasulatan?

“Sapagka't ang anomang mga bagay na isinulat nang una ay naisulat dahil sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at pagaliw ng mga kasulatan ay magkaroon tayo ng pagasa.” Roma 15:4.

Sino ang pinatotoan ng Kasulatan?

“Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nagpapatotoo tungkol sa akin.” Juan 5:39.

Gaano katibay ang Salita ng Dios?

“Ang damo ay natutuyo, ang bulaklak ay nalalanta; nguni't ang salita ng ating Dios ay mamamalagi magpakailan man.” Isaias 40:8.

Ano ang pagpapalang ipinagkaloob ni Kristo?

“Nang magkagayo'y binuksan niya ang kanilang mga pagiisip, upang mapagunawa nila ang mga kasulatan;” Lucas 24:45.

Kapangyarihan sa Salita

Paano sinansala ang mga nagpapanggap na bihasa sa Kasulatan?

“Nguni't sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Nagkakamali kayo, sa hindi pagkaalam ng mga kasulatan, ni ang kapangyarihan man ng Dios.” Mateo 22:29.

Sino ang mga mapapalad?

“Datapuwa't sinabi niya, Oo, bagkus na lalong mapapalad ang nakikinig ng salita ng Dios, at ito'y ginaganap.” Lucas 11:28.

Ano ang magliligaw sa iba sa huling araw?

“Nguni't hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at makikinig sa mga espiritong mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonio,” 1 Timoteo 4:1. 2 Pedro 2:1.

Saan ibabaling ng tao ang kanilang mga pandinig?

“Sapagka't darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi, pagkakaroon nila ng kati ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita at ihihialay sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at ibabaling sa katha.” 2 Timoteo 4:3-4.

Papaano natin malalaman ang katotohanan ng anomang aral?

“Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti.” 1 Tesalonica 5:21.

“Sa kautusan at sa patotoo! Kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito tunay na walang liwanag sa kanila.” Isaias 8:20

Ano ang magagawa ng Kasulatan?

“At mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na kasulatan na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.” 2 Timoteo 3:15.

Papaano tayo magiging banal?

“Pakabalanin mo sila sa katotohanan: ang salita mo’y katotohanan.” Juan 17:17.

Sino ang mga alagad ni Jesus?

“Kung kayo’y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo’y tunay nga kayong mga alagad ko; At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana’y magpapalaya sa inyo.” Juan 8:31–32.

Ano ang likas ng Salita ng Dios?

“Sapagka’t ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagisip at mga haka ng puso.” Hebreo 4:12.

Paano tayo malilinis?

“Kayo’y malilinis na sa pamamagitan ng salita na sa inyo’y aking sinalita.” Juan 15:3.

Paano malilinis ang isang binata?

“Paano lilinisin ng isang binata ang kaniyang daan? Sa pagdinig doon ayon sa iyong salita.” Awit 119:9.

Kahalagan ng Panalangin

Ano ang tawag ni David sa Dios?

“O ikaw na dumidinig ng dalangin, Sa iyo’y paroroon ang lahat ng laman.” Awit 65:2.

Ano ang kondisyon sa pagtanggap ng pagpapala?

“Magsihingi kayo, at kayo’y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo’y makasusumpong; magsi-tuktok kayo, at kayo’y bubuksan: Sapagka’t ang bawa’t humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan.” Mateo 7:7-8.

Kailan hindi diringgin ng Panginoon ang panalangin?

“Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, Hindi ako didinggin ng Panginoon.” Awit 66:18; Basahin ang Isa. 59:1–2; Santiago 4:3.

Ano’ng panalangin ang karumaldumal?

“Siyang naglalayo ng kaniyang pakinig sa pakikinig ng kautusan, Maging ang kaniyang dalangin ay karumaldumal.” Kawikaan 28:9.

Sino ang dapat nating idalangin?

“Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo’y nagsisiusig.” Mateo 5:44.

Papaano makaiwas sa tukso?

“Kayo’y magpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa’t mahina ang laman.” Mateo 26:41.

Papaano tayo hihingi?

“Nguni’t humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan: sapagka’t yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang along ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabi-kabila. Sapagka’t huwag isipin ng taong yaon na siya’y tatanggap ng anomang bagay sa Panginoon;” Santiago 1:6-7.

Note: “Ang panalangin ay susi sa kamay ng pananampalataya na magbubukas sa kaban yaman ng Dios kung saan natatago ang Kaniyang walang-hanggang pagpapala.”

Ano ang pamanhikan sa atin?

“Nguni’t ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na: kayo nga’y magpakahinahon, at magpuyat sa panalangin.” 1 Pedro 4:7.

Gaano kadalas tayong dapat manalangin?

“Magsipanalangin kayong walang patid;” 1 Tes. 5:17; “magmatiyagain sa panalangin;” Roma 12:12.

Nilikha at Manlilikha

Sino ang Manlilikha?

“Ng pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa.” Genesis 1:1.

Papaano Niya ito nilikha?

“Sa pamamagitan ng salita ng Panginoon ay nayari ang mga langit; At lahat ng natatanaw roon ay sa pamamagitan ng hinga ng kaniyang bibig...Sapagka’t siya’y nagsalita, at nangyari;

Siya’y nagutos, at tumayong matatag.” Awit 33:6–9.

Sa pamamagitan nino nilikha ng Dios ang lahat ng bagay?

“Sapagka’t sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya;” Colosas 1:16; Basahin ang Juan 1:3 Hebreo 1:1–2.

Bakit nilikha ng Dios ang lupa?

“Sapagka’t ganito ang sabi ng Panginoon na lumikha ng langit, na siyang Dios na nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon, na kaniyang itinatag, at hindi niya nilikha na sira, na kaniyang inanyuan upang tahanan: ako ang Panginoon; at wala nang iba.” Isaias 45:18.

Papaano nilikha ng Dios ang tao?

“At nilalang ng Panginoong Dios ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay.” Genesis 2:7.

Kanino iwinangis ang tao?

“At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.” Genesis 1:27.

Ano ang layunin sa paglikha ng tao?

“Sapagkat tayo’y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.” Efeso 2:10.

Pinagmulan ng Masama Paano inilalarawan ang tunggaliansa pagitan ni Kristo at ni Satanas?

“At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: si Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon; at ang dragon at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka; At hindi sila nanalo, ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit. At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanlibutan; siya’y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya.” Apocalipsis 12:7–9.

Note—Ang tunggaliang ito ay nagsimula sa langit at nagpapatuloy sa lupa.

Kanino nagmula ang kasalanan?

“Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka’t buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito’y nahayag ang Anak ng Dios, upang iwasa ang mga gawa ng diablo.” 1 Juan 3:8.

Kailan naging mamamatay tao ang diablo?

“Kayo’y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya’y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka’t walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka’t siya’y isang sinungaling, at ama nito.” Juan 8:44.

Si Satanas ba’y makasalanan mula noong una?

“Ikaw ay sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay lalangin, hanggang sa ang kalikuan ay nasumpungan sa iyo.” Ezek. 28:15.

Ang pangungusap sa Juan 8:44, ay nagpapakita na siya’y minsay sakdal at nasa katotohanan. Binabanggit ni Pedro ang “mga anghel na nagkasala.” (2 Pedro 2:4); at tinutukoy sila ni Judas na “mga anghel na hindi nagingat ng kanilang pamunuan.” Judas 6. Ang mga anghel na ito’y minsay sakdal.

Si Satanas at si Kristo

Ano ang nag-udyok sa pagkakasala ni Satanas?

“Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan;” Ezekiel 28:17. “At sinabi mo sa iyong sarili, Ako’y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios; at ako’y uupo sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan: Ako’y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ako’y magiging gaya ng Kataastaasan.” Isaias 14:13–14.

Bakit isinumpa ang sanlibutan sa panahong ito?

“Sa aba ng lupa at ng dagat: sapagka’t ang diablo’y bumaba sa inyo, na may malaking galit, sa pagkaalam niya na kaunting panahon na lamang mayroon siya.” Apocalipsis 12:12.

“Nakita ko si Satanas, na nahuhulog na gaya ng lintik, mula sa langit.” Lucas 10:18.

Ang Pagbagsak ng Tao

Kailan pumasok ang kasalanan?

“Kaya, kung paano na sa pama-

magitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanlibutan, at ang kamataya'y sa pamamagitan ng kasalanan; at sa ganito'y ang kamatayan ay naranasan ng lahat ng mga tao, sapagka't ang lahat ay nagkasala" Roma 5:12.

Paano kinundina ng Dios si Cain?

"Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, di ba ikaw mamarapatin? at kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nahahandusay ang kasalanan sa pintuan. At sinabi niya, Anong iyong ginawa? ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay dumadaing sa akin mula sa lupa. At ngayo'y sinumpa ka sa lupa na siyang nagbuka ng bibig na tumanggap sa iyong kamay ng dugo na iyong kapatid;" Genesis 4:7-11.

Ano pa ang karagdagang sumpa?

"At ngayo'y sinumpa ka sa lupa na siyang nagbuka ng bibig na tumanggap sa iyong kamay ng dugo ng iyong kapatid;" Genesis 4:12.

Ano ang bunga ng sala ni Adan?

"Sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang;" Genesis 3:17-18.

Ano ang umpisa ng kasalanan?

"Kung magkagayo'y ang kahalayan, kung maipagligi ay nanganganak ng kasalanan." Santiago 1:15.

"At anomang hindi sa pananampalataya ay kasalanan." Roma 14:23.

Ano ang kabayaran ng kasalanan?

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." Roma 6:23. "Sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka." Genesis 2:17. "Ang kaluluwa na nagkakasala ay mamamatay." Ezekiel 18:4.

"At ang kasalanan, pagka malaki na ay namumunga ng kamatayan." Santiago 1:15.

Paano natin matatakas ito?

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin." Roma 6:23

Tagapagligtas

Kanino ipinagkaloob ang handog naito?

"Sapagka't gayon na lamang ang

pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16.

Paano tatanggapin ang handog?

"Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios." Juan 3:18.

"Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan;" Juan 1:12.

Ano ang kasalanan?

Paano ito inilalarawan ng Biblia?

"Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangang din naman sa kautusan: at ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan. At nalalaman ninyo na siya'y nahayag upang magalis ng mga kasalanan; at sa kaniya'y walang kasalanan." 1 Juan 3:4-5.

Ano ang bunga ng sadyang pagkakasala?

"Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan, Kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom, at isang kabangisan ng apoy na lalamon sa mga kaaway." Hebreo 10:26-27.

Ang Utos ng Dios

Paano ipinahayag ng Dios ang Kaniyang utos sa mga tao?

"At ang Panginoon'y nagsalita sa inyo mula sa gitna ng apoy; inyong narinig ang tinig ng mga salita, nguni't wala kayong anyong nakita; ang inyo lamang narinig ay isang tinig. At kaniyang ipinahayag sa inyo ang kaniyang tipan, na kaniyang iniutos na inyong ganapin, sa makatuwid baga'y ang sangpung utos; at kaniyang isinulat sa dalawang tapays na bato." Deuteronomio 4:12-13. Nehemias 9:13-14; Exodo 20:1-17.

Gaano kalawak ang mga utos?

"Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos;

sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao. Sapagka't dadalhin ng Dios ang bawa't gawa sa kahatulan, pati ng bawa't kubling bagay, maging ito'y mabuti o maging ito'y masama." Ecclesiastes 12:13-14.

Ano ang likas ng utos ng Dios?

"Kaya nga ang kautusan ay banal, at ang utos ay banal, at matuwid, at mabuti...Sapagka't nalalaman natin na ang kautusa'y sa espiritu: nguni't ako'y sa laman, na ipinagbili sa ilalim ng kasalanan." Roma 7:12, 14.

Ang Sampung Utos ba'y siyang utos ng kalayaan?

"Sapagka't ang sinomang gumaganap ng buong kautusan, at gayon ma'y natitiosod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat Sapagka't ang nagsabi, Huwag kang mangalunya, ay nagsabi naman, Huwag kang pumatay. Ngayon, kung ikaw ay hindi nangangalunya, nguni't pumatay ka, ay nagiging suwail ka sa kautusan, Gayon ang inyong salitain, at gayon ang inyong gawin, na gaya ng mga taong huhukuman sa pamamagitan ng kautusan ng kalayaan." Santiago 2:10-12.

Paano mapatutunayan na ating nakikilala ang Dios?

"Ang nagsasabing, Nakikilala ko siya, at hindi tumutupad ng kaniyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kaniya;" 1 Juan 2:4.

Papaano malalaman na minamahal natin ang kapatiran?

"Dito'y ating nakikilala na tayo'y nagsisiibig sa mga anak ng Dios, pagka tayo'y nagsisiibig sa Dios at tinutupad natin ang kaniyang mga utos." 1 Juan 5:2.

Ano ang pag-ibig ng Dios?

"Sapagka't ito ang pagibig sa Dios, na ating tuparin ang kaniyang mga utos;" 1 Juan 5:3.

Tinupad ba ni Kristo ang utos?

"Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig." Juan 15:10.

Paano dapat lumakad ang nagpanggap na sumusunod sa Kaniya?

"Ang nagsasabing siya'y nananahan sa kaniya ay nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad niya." 1 Juan 2:6.

Ano ang sabi ni Jesus ukol sa Kaniyang kautusan?

"Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin." Mateo 5:17.

Ano ang Kaniyang turo ukol sa katatagan ng kautusan?

"Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay." Mateo 5:18.

Gaano kadetalyado ang Dios ukol sa Kristiyanong pag-uugali?

"Sapagka't ang sinomang gumaganap ng buong kautusan, at gayon ma'y natitiosod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat." Santiago 2:10.

Kautusan at Ebanghelyo

Ano ang layunin ng kautusan?

"Sapagka't sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na aariing-ganap sa paningin niya; sapagka't sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakilala ng kasalanan." Roma 3:20.

Ano ang ebanghelyo?

"Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego." Roma 1:16.

Baki't sinasabing kalaban ng Dios ang kaisipang laman?

"Sapagka't ang kaisipan ng laman ay pakikipagalit laban sa Dios; sapagka't hindi napasasaklaw sa kautusan ng Dios, ni hindi nga maaari." Roma 8:7.

Maari bang masunod ang kautusan na hiwalay kay Kristo?

"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa." Juan 15:5.

Sino ang makapapasok sa kaharian ng Langit?

"Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit." Mateo 7:21.

Papaano isasaalang-alang ang tao ukol sa kautusan ng Dios?

"Ang sinomang sumuway sa isa sa kaliitlitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliitlitang sa kaharian ng langit: datapuwa't ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit." Mateo 5:19.

Ano ang espirituwal na kahulugan

ng ikaanim at ikapitong utos?

“Narinig ninyo na sinabi sa mga tao sa una, Huwag kang papatay; at ang sinomang pumatay ay mapapasa panganib sa kahatulan: Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo, na ang bawa’t mapoot sa kaniyang kapatid ay mapapasa panganib sa kahatulan; at ang sinomang magsabi sa kaniyang kapatid, Raca, ay mapapasa panganib sa Sanedrin; at ang sinomang magsabi, Ulol ka, ay mapapasa panganib sa impierno ng apoy.” Mateo 5:21-22. “Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo, na ang bawa’t tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng pangangalunya sa kaniyang puso.” Mateo 5:27-28.

Paghihirap ni Kristo

Ano ang dinanas ni Kristo?

“Siya’y napighati, gayon man nang siya’y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan at gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma’y hindi niya ibinuka ang kaniyang bibig. Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala siya: at tungkol sa kaniyang lahi, sino sa kanila ang gumugunita na siya’y nahilalag sa lupain ng buhay? dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya.” Isaias 53:7-8.

Alam ba ni Kristo ang magaganap sa Kaniya?

“At isinama niya ng bukod ang labingdalawa, at sa kanila’y sinabi, Narito, nagsisiahon tayo sa Jerusalem, at ang lahat ng mga bagay na isinulat ng mga propeta ay magaganap sa Anak ng tao. Sapagka’t siya’y ibibigay sa mga Gentil, at siya’y aalimurahin, at duduwahagin, at luluraan. At kanilang papaluin at papatayin siya: at sa ikatlong araw ay muling magbabangon siya.” Lucas 18:31-33.

Ano ang ginawa ng mga sundalo kay Kristo?

“At sila’y nagkamakama ng isang putong na tinik, at ipinutong sa kaniyang ulo, at inilagay sa kanang kamay niya ang isang tambo; at sila’y nangsiluhod sa harap niya at siya’y kanilang nilibak, na nagsasabi, Magalak, Hari ng mga Judio! At siya’y kanilang niluluraan, at kinuha nila ang tambo at sinaktan siya sa ulo.” Mateo 27:29-30.

Ano ang ipinainom sa Kaniya?

“Ay pinainom nila siya ng alak na may kahalong apdo: at nang kaniyang matikman, ay ayaw niyang inumin.” Mateo 27:34.

Paano ipinakita ni Jesus ang tunay na pag-ibig sa makasalanang?

“At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagka’t hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” Lucas 23:34.

Paano nilibak si Jesus sa krus?

“Gayon din naman ang paglibak sa kaniya ng mga pangulong saserdote, pati ng mga eskriba at ng matatanda, na nagsasabi, Nagligtas siya sa mga iba; sa kaniyang sarili ay hindi makapagligtas. Siya ang Hari ng Israel; bumaba siya ngayon sa krus, at tayo’y magsisisampalataya sa kaniya.” Mateo 27:41-42.

Ano ang wakas ng teribleng tagpong ito?

“Nang matanggap nga ni Jesus ang suka, ay sinabi niya, Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang kaniyang hininga.” Juan 19:30.

Pagkabuhay na Muli

“Ako ang Nabubuhay; at ako’y namatay, at narito, ako’y nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.” Apocalipsis 1:18. **Nang Siya’y mabuhay na muli ano ang bunga ng hulang ito?**

“Nang magbangon na maguli nga siya sa mga patay, ay naalaala ng kaniyang mga alagad na sinalita niya ito; at nagsisampalataya sila sa kasulatan, at sa salitang sinabi ni Jesus.” Juan 2:22.

“Sapagka’t ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, At siya’y inilibing; at siya’y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan;” 1 Corinto 15:3-4.

“At siya’y napakita kay Cefas, at saka sa labingdalawa; Pagkatapos ay napakita sa mahigit na limang daang kapatid na paminsan, na ang karamihan sa mga ito’y nabubuhay hangga ngayon, datapuwa’t ang mga iba’y nangatulong na; Saka napakita kay Santiago; at saka sa lahat ng mga apostol;” 1 Corinto 15:5-7.

Pag-aaring ganap

Paano inaaring ganap ang tao?

“Upang, sa pagkaaring-ganap sa atin sa pamamagitan ng kaniyang biyaya, ay maging tagapagmana tayo ayon sa pagasa

sa buhay na walang hanggan.” Tito 3:7.

“Kaya nga maipasisiya natin na ang tao ay inaaring-ganap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng kautusan.” Roma 3:28.

Papaano ito ipinagkakaloob sa makasalanang?

“Lubha pa nga ngayong inaaring-ganap sa pamamagitan ng kaniyang dugo, ay maliligtas tayo sa galit ng Dios sa pamamagitan niya.” Roma 5:9.

Ano ang tanging paraan na ang makasalanang ay aariing-ganap?

“Bagama’t naalaman na ang tao ay hindi inaaring-ganap sa mga gawang ayon sa kautusan, maliban na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo, tayo rin ay nagsisampalataya kay Cristo Jesus, upang tayo’y aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at hindi dahil sa mga gawang ayon sa kautusan ay hindi aariing-ganap ang sinomang laman.” Galacia 2:16.

Ano ang hindi makapag-aaring ganap sa makasalanang?

“Sapagka’t sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na aariing-ganap sa paningin niya; sapagka’t sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakalala ng kasalanan.” Roma 3:20.

Papaano nagbigay ng saksi ang kamatayan ni Kristo dito?

“Hindi ko niwawalan ng halaga ang biyaya ng Dios: sapagka’t kung sa pamamagitan ng kautusan ay ang katuwiran, kung gayo’y si Cristo ay namatay ng walang kabuluhan.” Galacia 2:21.

Ano ang pinatutunayan ng pagsisikap na ariing-ganap sa pamamagitan ng kautusan?

“Kayo’y hiwalay kay Cristo, kayong nangagiibig na ariing-ganap ng kautusan; nangahulog kayo mula sa biyaya.” Galacia 5:4.

Ano ang hindi nakamit ng Israel sa katuwiran?

“Datapuwa’t ang Israel sa pagsunod sa kautusan ng katuwiran, ay hindi umabot sa kautusang iyan. Bakit? Sapagka’t hindi nila hinanap sa pamamagitan ng pananampalataya, kundi ng ayon sa mga gawa. Sila’y nangatisod sa batong katitisan;” Roma 9:31-32.

Ano ang ipinahahayag sa pamamagitan ng kautusan?

“Sapagka’t sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay walang laman na

aariing-ganap sa paningin niya; sapagka’t sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakalala ng kasalanan.” Roma 3:20.

Ano ang saksi sa katuwiran ng makakamit sa pamamagitan ng pananampalataya?

“Datapuwa’t ngayon bukod sa kautusan ay ipinahahayag ang isang katuwiran ng Dios, na sinasaksihan ng kautusan at ng mga propeta;” Roma 3:21.

Ano ang halaga ng pananam-palataya?

“At kung walang pananam-palataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa kaniya;” Hebreo 11:6.

Ang biyaya ba’y ibinigay upang magpatuloy sa pagkakasala?

“Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy baga tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana? Huwag nawang mangyari. Tayong mga patay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa riyan?” Roma 6:1-2.

Winawalang kabuluhan ba ng pananam-palataya ang kautusan?

“Niwawalan kaya nating kabuluhan ang kautusan sa pamamagitan ng pananam-palataya? Huwag nawang mangyari: kundi pinagtatibay pa nga natin ang kautusan.” Roma 3:31.

Pagsisisi

Sino ang tinatawagang magsisi?

“Hindi ako pumarito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanang sa pagsisisi.” Lucas 5:32.

Ilan ang makasalanang?

“Sapagka’t ating kapuwa isinasakdal na muna ang mga Judio at ang mga Griego, na silang lahat ay nasa ilalim ng kasalanan.” Roma 3:9.

Ano ang angkop na tanong sa mga aamin sa kanilang kasalanan?

“Mga kapatid, anong gagawin namin?” “Mga ginoo, ano ang kinakailangan kong gawin upang maligtas?” Gawa 2:37; 16:30.

Ano ang sagot ng Biblia sa tanong na ito?

“Magsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa’t isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.” “Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sangbahayan.” Mga Gawa 2:38; 16:31.

Ano ang tunay na kalumbayan?

“Sapagka’t ang kalumbayang mula sa Dios, ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas,” 2 Corinto 7:10.

Ano ang sinabi ni Juan Bautista sa mga Pariseo at Saduceo?

“Kayong lahi ng mga ulupong, sino ang sa inyo’y nagpaunawa upang magsitakas sa galit na darating? Kayo nga’y magbunga ng karapatdapat sa pagsisisi” Mateo 3:7-8.

Kapatawaran

Ano ang pangako sa magpapahayag sa kanilang kasalanan?

“Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo’y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo’y lilinisin sa lahat ng kalikuan.” 1 Juan 1:9.

“Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa: Nguni’t ang nagpapahayag at nagiiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan.” Kawikaan 28:13.

Ano ang sagot ng Dios sa mga tatawag sa Kaniya?

“Sapagka’t ikaw, Panginoon, ay mabuti, at mapagpatawad, At sagana sa kagandahang-loob sa lahat na tumatawag sa iyo.” Mga Awit 86:5.

Saan inilagag ni David ang kaniyang pag-asa ng kapatawaran?

“Maawa ka sa akin, Oh Dios, ayon sa iyong kagandahang-loob: Ayon sa karamihan ng iyong malumanay na kaawaan ay pinawi mo ang aking mga pagsalangsang.” Awit 51:1.

Ano ang sagot ng Dios sa paghingi ng kapatawaran ni David?

“Aking kinilala ang aking kasalanan sa iyo, At ang aking kasamaan ay hindi ko ikinubli: Aking sinabi, Aking ipahahayag ang aking pagsalangsang sa Panginoon. At iyong pinatawad ang kasamaan ng aking kasalanan” Awit 32:5.

Ano ang pamanhikan sa ating nagkamit ng kapatawaran?

“At magmagandang-loob kayo sa isa’t isa, mga mahabagin, na magpatawaran kayo sa isa’t isa, gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng Dios kay Cristo.” Efeso 4:32.

Sa pamamagitan nino ipinagkakaloob ang kapatawaran?

“Ibinangon ng Dios si Jesus, na siya ninyong pinatay, na ibinitin sa isang punong kahoy. Siya’y pinadakila ng Dios ng kaniyang kanang kamay upang maging Principe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan.” Gawa 5:30-31.

Ang Banal na Espiritu

Ano ang ipinangako ni Kristo?

At ako’y dadalangin sa Ama, at kayo’y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man,” Juan 14:16.

Baki’t kinailangang lumisan si Jesus?

“Gayon ma’y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako’y yumaon; sapagka’t kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni’t kung ako’y yumaon, siya’y susuguin ko sa inyo.” Juan 16:7.

Sino ang Mangaaliw?

“Datapuwa’t ang Mangaaliw, sa makatuwid baga’y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo’y aking sinabi.” Juan 14:26.

Ano pa ang gawain ng Mang-aaliw?

“At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanlibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol.” Juan 16:8.

Ano ang ibang tawag sa Mangaaliw?

“Datapuwa’t pagparito ng Mang-aaliw, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa makatuwid baga’y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhay sa Ama, ay siyang magpapatotoo sa akin.” Juan 15:26.

Ano ang gagawin ng Espiritu ng katotohanan?

“Gayon ma’y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka’t hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating.” Juan 16:13.

Ano ang babalang ibinigay?

“At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo’y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos.” Efeso 4:30.

May hangganan ba ang pakikipagpunyagi ng Espiritu?

“At sinabi ng Panginoon, Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man,” Genesis 6:3.

Ano ang bunga ng Espiritu?

“Datapuwa’t ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, Kaamuan,

pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.” Galacia 5:22-23.

Ano’ng paksa ang nararapat nating malaman?

“Ngayong tungkol sa mga kaloob na ayon sa espiritu, mga kapatid, ay hindi ko ibig na hindi kayo makaalam.” 1 Corinto 12:1.

Ano ang mga kaloob?

“At ang Dios ay naglagay ng ilan sa iglesia, una-una’y mga apostol, ikalawa’y mga propeta, ikatlo’y mga guro, saka mga himala, saka mga kaloob na pagpapagalang, mga pagtulong, mga pamamahala, at iba’t ibang mga wika.” 1 Corinto 12:28.

Kristiyanong Bautismo

Ano’ng ordinansa ang kalakip ng pagtanggap sa ebanghelyo?

“At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong san-libutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa’t ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.” Marcos 16:15-16.

Ano ang bunga ng pangangaral ni Juan?

“Nang magkagayo’y nilabas siya ng Jerusalem, at ng buong Judea, at ng buong lupain sa palibotlibot ng Jordan; At sila’y kaniyang binabautismuhan sa ilog ng Jordan, na ipinahahayag nila ang kanilang mga kasalanan.” Mateo 3:5-6.

Saan iniugnay ni apostol Pedro ang bautismo?

“At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang baw’t isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.” Gawa 2:38.

Ano ang nahuhugasan kaugnay ng Kristiyanong bautismo?

“At ngayon bakit ka tumitigil? magtindig ka, at ikaw ay magbautismo, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa kaniyang pangalan.” Gawa 22:16. Tito 3:5; 1 Pedro 3:21.

Papaano mahuhugasan ang kasalanan?

“Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo;” Apocalipsis 1:5.

Sino ang ibinibihis ng mga nabautismuhan?

“Sapagka’t ang lahat na sa inyo ay binautismuhan kay Cristo ay ibinibihis si

Cristo.” Galacia 3:27.

Sa ano nabautismuhan yaong mga nabautismuhan kay Kristo?

“O hindi baga ninyo nalalaman na tayong lahat na mga nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kaniyang kamatayan?” Roma 6:3.

Papaano inilalarawan ang gayong bautismo?

“Tayo nga’y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan: na kung paanong si Cristo ay nabuhay na maguli sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, ay gayon din naman tayo’y makalalakad sa panibagong buhay.” Roma 6:4.

Ano ang tanong ng bating matapos na makilala niya si Jesus?

“At sa pagpapatuloy sa daan, ay nagsidating sila sa dakong may tubig; at sinabi ng bating, Narito, ang tubig; ano ang nakahahadlang upang ako’y mabautismuhan?” Gawa 8:36.

Saan bininyagan ang bating?

“At ipinagutos niyang itigil ang karo: at sila’y kapuwa lumusong sa tubig, si Felipe at ang bating; at kaniyang binautismuhan siya.” Gawa 8:38.

Ano ang halimbawang iniwan ni Jesus?

“Nang magkagayo’y naparoon si Jesus mula sa Galilea at lumapit kay Juan sa ilog ng Jordan, upang siya’y bautismuhan niya.” Mateo 3:13.

Ang Pagkakaloob

Ano ang sabi ni Jesus ukol sa pagbibigay?

“Nagbigay halimbawa ako sa inyo sa lahat ng mga bagay, na sa ganitong pagpapagal ay dapat kayong magsisaklolo sa mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, na siya rin ang may sabi, Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap.” Gawa 20:35.

Ano ang ayunong pinili ng Dios?

“Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat na atang? Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao?” Isaias 58:6-7.

Paano mapararangalan ang Dios?

“Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, At ng mga unang bunga ng lahat mong ani.” Kawikaan 3:9.

Ilang bahagi ng ating kita ang itinalaga ng Dios sa Kaniya?

“At lahat na ikasangpung bahagi ng lupain, maging sa binhi ng lupain, o sa bunga ng punong kahoy ay sa Panginoon: magiging banal sa Panginoon.” Levitico 27:30.

Kanino itinalaga ang ikapu sa Israel?

“At sa mga anak ni Levi, ay narito, aking ibinigay ang lahat ng ikasangpung bahagi sa Israel na pinakamana, na ganti sa kanilang paglilingkod na kanilang ipinaglingkod, sa makatuwid baga’y sa paglilingkod sa tabernakulo ng kapisanan.” Bilang 18:21.

Ano ang sala ng nagkakait ng ikasangpung bahagi at mga handog?

“Nanakawan baga ng tao ang Dios? gayon ma’y ninanakawan ninyo ako. Nguni’t inyong sinasabi, Sa ano ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog.” Malakias 3:8.

Ano ang kondisyon sa Kaniyang dakilang pagpapala?

“Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuk-san sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagan. At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo,” Malakias 3:10-11.

Ano ang nararapat na espiritu ng nagbibigay?

“Magbigay ang bawa’t isa ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso: huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagka’t inibig ng Dios ang nagbibigay na masaya.” 2 Corinto 9:7.

Ano ang katanggap-tanggap na handog?

“Sapagka’t kung may sikap, ay tinatanggap ayon sa tinataglay, hindi ayon sa di tinataglay.” 2 Corinto 8:12.

Kalusugan

Ano ang nais ni Juan para kay Gaius?

“Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa.” 3 Juan 2.

Bakit kinakailangang ingatan ang kalusugan ng katawan?

“Sapagka’t kayo’y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios.” 1 Corinto 6:20.

Ano ang tawag sa ating katawan?

“O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo sa nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili.” 1 Corinto 6:19.

Ano ang bunga ng masayang puso?

“Ang masayang puso ay mabuting kagamutan: Nguni’t ang bagbag na diwa ay tumutuyo ng mga buto.” Kawikaan 17:22

Papaano natin ihaharap ang ating katawan sa Dios?

“Ipinamamanhik ko sa inyo... na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.” Roma 12:1.

Ano ang nararapat na layunin natin sa lahat ng bagay?

“Kaya kung kayo’y nagsisikain man, o nagsisiinon man o anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios.” 1 Corinto 10:31.

Ano ang babala laban sa pag-aakay sa kawalan ng pagpipigil?

“Sa aba niya na nagpapainom ng alak sa kaniyang kapuwa, na idinadagdag mo ang iyong kamandag, at nilalasing mo rin naman siya, upang iyong mamasdan ang kaniyang kahubaran!” Habacuc 2:15.

Makapapasok ba ang mang-iinom sa Langit?

“Huwag kayong padaya: kahit ang mga mapakiapid, ni ang mga mananamba sa diosdiosan, ni ang mga mangangalunya, ni ang mga nangbababae, ni ang mga mapakiapid sa kapuwa lalake. Ni ang mga magnanakaw, ni ang mga masasakim, ni ang mga manglalasing, ni ang mga mapagtungyaw, ni ang mga manglulupig, ay hindi magmamana ng kaharian ng Dios.” 1 Corinto 6:9-10.

Ano ang isa sa masamang bunga ng walang pagtitimpi?

“Huwag kang mapasama sa mga mapaglango; Sa mga mayamong mangangain ng karne: Sapagka’t ang manglalasing at ang mayamo ay darating sa karalitaan: At ang antok ay magbibihis sa tao ng pagka-pulubi.” Kawikaan 23:20-21.

Ano ang masasabi ukol sa paggamit ng tabako?

Ang tabako, na kinikilalang isang lason,

ay tunay na nakapipinsala.

Note—“Ang tabako ay siyang pinakatusong lason na nakikilala ng kemiko, maliban sa nakamamatay na prussic acid.” M. Orfila, dating presidente ng Paris Medical Academy.

Ano ang orihinal na pagkain?

“At sinabi ng Dios, Narito, ibinigay ko sa inyo ang bawa’t pananim na nagkakabinhi, na nasa ibabaw ng balat ng lupa, at ang bawa’t punong kahoy na may bunga ng punong kahoy na nagkakabinhi; sa inyo’y magiging pagkain.” Genesis 1:29.

Note—Sa ibang salita, mga gulay, mga butil at mga prutas.

Ano’ng uri ng pagkain ang ipinagbawal sa bayan ng Israel?

Yaong tinatawag na marumi: Levitico 11 at Deuteronomio 14.

Nasaan ang mga Patay?

Ano ang kamatayan?

“Nguni’t hindi namin ibig na kayo’y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa natutulog; upang kayo’y huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang pagasa.” 1 Tesalonica 4:13. Gayon din ang 1 Corinto 15:18, 20; Juan 11:11-14.

“At marami sa kanila na natutulog sa alabok ng lupa ay magigising,” Daniel 12:2. Eclesiastes 3:20; 9:10.

Pinupuri ba ng mga namatay na matuwid ang Dios sa Langit?

Sapagka’t hindi umakyat si David sa mga langit’ Gawa 2:34.. “Ang patay ay hindi pumupuri sa Panginoon, Ni sinomang nabababa sa katahimikan;” Awit 115:17.

Nakikilala ba ng patay ang Dios?

“Sapagka’t sa kamatayan ay walang alaala sa iyo; Sa Sheol ay sinong magpapasalamat sa iyo?” Awit 6:5.

Ano ang nalalaman ng patay?

“Ang kaniyang mga anak ay nagtataglay ng karangalan, at hindi niya nalalaman; At sila’y ibinababa, nguni’t hindi niya nahahalata sila.” Job 14:21.

Ano ang nangyayari sa isip ng tao sa kamatayan?

“Ang hihinga niya ay pumapanaw, siya’y nanunumbalik sa kaniyang pagkalupa; Sa araw ding yaon ay mawawala ang kaniyang pagisip.” Awit 146:4.

May kaalaman ba ang patay?

“Sapagka’t nalalaman ng mga buhay, na sila’y mamamatay: nguni’t hindi nalalaman ng patay ang anomang bagay ni mayroon pa man silang kagantihan; sapagka’t ang alaala sa kanila ay

nakalimutan. Maging ang kanilang pagibig, gaya ng kanilang pagtatanim at ng kanilang pananaghili ay nawala ngayon; na wala man silang anomang bahagi pa na magpakailan man sa anomang bagay na nagawa sa ilalim ng araw.” Eclesiastes 9:5-6.

Kailan bubuhaying muli ang mga namatay na matuwid?

“Sapagka’t ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang namatay kay Cristo ay unang mabubuhay na maguli.” 1 Tesalonica 4:16.

Ano ang darating sa lahat ng tao bunga ng pagkakasala?

“Sapagka’t kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay,” 1 Corinto 15:22. Roma 5:12.

Ano ang ating magagawa matapos mamatay?

“Anomang masumpungang gawain ng iyong kamay, gawin mo ng iyong kapangyarihan; sapagka’t walang gawa, ni katha man ni kaalaman man, ni karunungan man, sa Sheol (libingan), na iyong pinaparunan.” Eclesiastes 9:10.

Kaninong tinig ang gigising sa mga patay?

“Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka’t dumarating ang oras, na ang lahat ng nasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig. At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.” Juan 5:28-29.

Kaninong katawan iwawangin ang mga bubuhaying muli?

“Sapagka’t ang ating pagkamamamayan ay nasa langit; mula doon ay hinihintay naman natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo; Na siyang magbabago ng katawan ng ating pagkamababa, upang maging katulad ng katawan ng kaniyang kaluwalhatian, ayon sa paggawa na maipagpapasuko niya sa lahat ng mga bagay sa kaniya.” Filipos 3:20-21.

Ang Institusyon ng Sabbath Kailan at sa pamamagitan nino nilikha ang Sabbath?

“At nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat na natatanaw sa mga iyon. At nang ikapitong araw ay nayari ng Dios ang kaniyang gawang ginawa; at nagpahinga ng ikapitong araw sa madlang gawa niyang ginawa. At binasbasan ng Dios ang

ikapitong araw at kaniyang ipinangilin, sapagka't siyang ipinagpahinga ng Dios sa madlang gawang kaniyang nilikha at ginawa." Genesis 2:1-3.

Ano ang dahilan sa pangangilin ng Sabbath?

"Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal." Exodo 20:11.

* Ang Sabbath ay alaala ng Paglikha. Pinanukala ng Dios na sa pamamagitan ng pangangilin nito ay maalaala ng tao magpakailanman ang tunay at buhay na Dios, ang Manlilikha ng lahat ng bagay.

Ano'ng araw ang Sabbath?

"Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios." Exodo 20:10. **Itinalaga ba ang Sabbath na araw ng pagsamba?**

"Anim na araw na gagawa: datapuwa't sa ikapitong araw ay sabbath na takdang kapahingahan, siyang banal na pagpupulong." Levitico 23:3.

Para sa ano'ng tanda o alaala pa ibinigay ng Dios ang Sabbath?

"Bukod dito'y ibinigay ko rin naman sa kanila ang aking mga sabbath, upang maging tanda sa akin at sa kanila, upang kanilang makilala na ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa kanila." Ezekiel 20:12.

Mangingilin ba ng Sabbath ang mga tinubos sa bagong lupa?

"Sapagka't kung paanong ang mga bagong langit at ang bagong lupa, na aking lilikhain ay mananatili sa harap ko, sabi ng Panginoon, gayong mananatili ang inyong lahi, at ang inyong pangalan. At mangyayari, na mula sa bagong buwan hanggang sa panibago, at mula sa isang sabbath hanggang sa panibago, paroroon ang lahat na tao upang sumamba sa harap ko, sabi ng Panginoon." Isaias 66:22-23. **Kailan, ayon sa Biblia, nag-uumpisa ang Sabbath?**

"At nagkahapon at nagkaumaga ang unang araw...At nagkahapon at nagkaumaga ang ikalawang araw." etc. Genesis 1:5, 8, 13, 19, 23, 31. "Mula sa pagkalubog ng araw hanggang sa muling pagkalubog ng araw ay ipangangilin ninyo ang inyong sabbath." Levitico 23:32; Marcos 1:32.

Paano inabangan at minanmanan ang Panginoon, sa araw na ito?

"At inaabangan siya ng mga eskriba at ng mga Fariseo, kung siya'y

magpapagaling sa sabbath; upang makasumpong sila ng paraan na siya'y maisakdal." Lucas 6:7.

Paano sinagot ni Kristo ang mga maling kuro-kuro?

"At sinabi sa kanila ni Jesus, Itinatanong ko sa inyo, Matuwid bagang gumawa ng magaling, o gumawa ng masama kung sabbath? magligtas ng isang buhay o pumuksa?" Lucas 6:9.

"Datapuwa't sila'y napuno ng galit; at nangagsangusapan, kung ano ang kanilang magagawang laban kay Jesus." Lucas 6:11.

"At nagsilabas ang mga Fariseo, at pagdaka'y nakipagsanggunian sa mga Herodiano laban sa kaniya, kung paanong siya'y maipapupuksa nila." Marcos 3:6.

Ang Araw ng Panginoon

Ano'ng araw nang si Juan ay nasa Espiritu?

"Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon," Apocalipsis 1:10.

Ano'ng araw ang araw ng Panginoon ayon sa kautusan?

"Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios." Exodo 20:10 **Ano ang Sabbath ayon kay Isaias?**

"at ang banal ng Panginoon na marangal;" Isaias 58:13.

Ano'ng araw nga kung gayon nang si Juan ay nasa Espiritu?

Ang ikapitong araw.

Note—Sa buong Biblia ay walang ibang araw sa buong sanlinggo ang inaangkin ng Panginoon na Kaniyang araw.

Ipinangilin ba ni Kristo ang Sabbath?

"At siya'y napasa Nazaret na kaniyang nilakhan: at ayon sa kaniyang kaugalian, siya'y pumasok sa sinagoga nang araw ng sabbath, at nagtindig upang bumasa." Lucas 4:16. "gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama," Juan 15:10.

Ipinangilin ba ng mga alagad ang Sabbath matapos Siyang mamatay?

"At sila'y nagsiuwi, at naghanda ng mga pabango at mga unguento. At nang araw ng sabbath sila'y nagpahinga ayon sa utos." Lucas 23:56.

Sino ang panginoon ng Sabbath?

"Sapagka't ang Anak ng tao ay panginoon ng sabbath." Mateo 12:8; Marcos 2:28.

Sino ang lumikha ng Sabbath?

"Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya; (Kristo)" Juan 1:3.

Ano'ng araw ang nauuna bago ang unang araw ng sanlinggo?

"Nang magtatapos ang araw ng sabbath, nang magbubukang liwayway na ang unang araw ng sanlinggo" Mateo 28:1.

Note—Ayon sa Biblia ang Sabbath ay natapos na bago nagumpisa ang unang araw ng sanlinggo.

Ano'ng araw sa sanlinggo ang Sabbath, "ayon sa kautusan"?

"Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios." Exodo 20:10

Note—Kung magkagayon, malinaw na ang Sabbath sa Bagong Tipan ay siya ring Sabbath ng Lumang Tipan, at hindi isinantabi sa Bagong Tipan ang ikapitong araw na Sabbath.

Paano inilalarawan ang mga sumasamba sa Dios?

"Narito ang pagtitiyaga ng mga banal, ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya ni Jesus." Apocalipsis 14:12.

Ang Pagbabago ng Sabbath

Paano nagpasimula ang pangangilin ng Linggo?

Marami ang naniniwala na si Kristo ang nagpalit ng Sabbath, nguni't mula mismo sa Kaniyang salita, ay ating nakikita na Siya'y hindi naparito ng may gayong layunin. Ang pagbabagong ito nga ay kagagawan ng iba.

Ano ang iisiping gagawin ng "maliit na sungay"?

"At siya'y magbabadya ng mga salita laban sa Kataastaasan, at lilipulin niya ang mga banal ng Kataastaasan; at kaniyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan..." Daniel 7:25.

"Huwag kayong padaya kanino man sa anomang paraan: sapagka't ito'y hindi darating, maliban nang dumating mula ang pagtaliwakas, at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan,"

"Na sumasalangang at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios o sinasamba; ano pa't siya'y nauupo sa templo ng Dios, na siya'y nagtatanyag sa kaniyang sarili na tulad sa Dios." 2 Tesalonica 2:3-4.

Sino ang nag-angkin ng awtoridad na magpalit sa utos ng Dios?

Ang kapapahan.

Note—"Ang papa ay may gayong kapangyarihan at awtoridad na anupa't maaari niyang baguhin o ipaliwanag maging ang mga utos ng Dios, . . . Maaring baguhin ng papa ang utos ng

Dios yamang ang kaniyang kapangyarihan ay hindi galing sa tao kundi sa Dios, at siya'y tumatayong kahalili ng Dios sa lupa." Isinalin mula sa Lucius Ferraris, *Prompta Bibliotheca* (Ready Library), "Papa," art. 2.

Ang ikaapat na utos.

"Pinalitan niya [Iglesiya Romano Katoliko] ang ikaapat na utos sa pamamagitan ng pagtakuwil sa Sabbath ng Biblia at pagtatanghal sa Linggo na isang kapistahan"—N. Summerbell, *History of the Christian Church* (1873), p. 415.

"Ang Linggo, isang araw sa isanglinggo na itinalaga para sa obligadong pagsamba sa Makapangyarihang Dios, na pinababalan sa pamamagitan ng pagtigil sa lahat ng gawain, negosyo at makamundong gawa, ay pawang kagagawan lamang ng Iglesia Katoliko". *The American Catholic Quarterly Review*, January, 1883, pp. 152, 139.

"Kung ang Protestante ay susunod sa Biblia, nararapat silang sumamba sa Dios sa araw ng Sabbath. Sa pangangilin nila ng Linggo ay sinusunod nila ang utos ng Iglesia Katoliko" Albert Smith, Chancellor Feb. 10, 1920.

TANONG—Mayroon ka bang ibang katunayan na ang Iglesia ay may kapangyarihang magpatupad ng mga kapistahan?

SAGOT— "Kung siya'y walang gayong kapangyarihan hindi sana niya nagawa yaong sinasang-ayunan ng mga modernong relihiyoso, hindi sana niya napalitan ng pangangilin ng Linggo na unang araw ng linggo, ang pangangilin ng Sabado ang ikapitong araw, isang pagbabagong walang katibayan mula sa Kasulatan." Priest Stephen Keenan, *A Doctrinal Catechism*, Chap. 2, 174.

"Patunayan mo mula sa Biblia lamang na ako'y nararapat mangilin ng Linggo. Walang gayong utos mula sa Biblia! Ito'y utos ng banal na Iglesia Katoliko lamang. Ang sabi ng Biblia, 'Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangilin' Sabi ng Iglesia Katoliko, Hindi! sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios aking winawalang bisa ang Sabado at inuutusan ko kayong ipangilin ang unang araw ng sanlinggo. Narito! ang buong mundo ay yumuyukod sa utos ng Banal na Iglesia Katoliko." Priest Thomas Enright, C.S.S.R, presidente ng Redemptorist College, Kansas City, MO Feb. 18, 1884, at sa *American Sentinel*, June 1893, 173.

Walang sinoman ang tunay na makababago ng Banal na Utos ng Dios. Siya lamang ang nakapag-isip ng gayon. **Ano ang sinabi ni Kristo ukol sa kautusan?**

“Huwag ninyong isiping ako’y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: ako’y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin.” Mateo 5:17.

“Sapagka’t katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hanggang sa mawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.” Mateo 5:18.

“Kaya’t ang sinomang sumuway sa isa sa kaliitlitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa tao, ay tatawaging kaliitlitian sa kaharian ng langit: datapuwa’t ang sinomang gumanap at ituro, ito’y tatawaging dakila sa kaharian ng langit.” Mateo 5:19.

Ano’ng uri ng aral ang ipinalit ng tao sa katotohanan?

“Datapuwa’t walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ng mga utos ng mga tao....At sinabi niya sa kanila, Totoong itinatakuwil ninyo ang utos ng Dios, upang maganap ninyo ang inyong mga sali’t-saling sabi.” Marcos 7:7-9.

“Hanggang kaylan kayo mag-aalinlangan sa dalawang isipan? kung ang Panginoon ay Dios, sumunod kayo sa kaniya: nguni’t kung si Baal, sumunod nga kayo sa kaniya.” 1 Mga Hari 18:21.

Huling Pabalita ng Dios sa Sanlibutan

“At ipangangaral ang evangeliong ito ng kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo’y darating ang wakas.” Mateo 24:14.

Bumabasa, sa babasahing ito ay mayroon kang malinaw na balangkas sa ebanghelyo ni Kristo, ayon sa ibinigay sa Biblia na walang halong tradisyon o pilosopiya ng tao.

“At sinasabi niya ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka’t dumating ang panahon ng kaniyang paghatol...” Apocalipsis 14:7.

Ang hatol ng Dios ay nagpasimula sa langit noong 1844. Ito’y nagpasimula sa mga patay. Ang mga patay ay wala sa langit,

sila’y natu-tulog sa libingan at naghihintay ng pagkabuhay na muli “Ang iba’y sa walang hanggang buhay, at ang iba’y sa kahihiyang at sa walang hanggang pagkapahamak.” Daniel 12:2.

Malapit na, walang nakaalam kung kailan ang paghatol ay magpapasimula para sa mga buhay.

“At magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig.” Apocalipsis 14:7.

Walang sinomang tao, papa, pari, o mangangaral ang makapag-papatwad ng kasalanan. Walang sinomang tao ang nararapat sambahin. Sinabi ni Jesus sa kaniya, “Humayo ka, Satanas: sapagka’t nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.” Mateo 4:10.

“At nangyari, na pagpasok ni Pedro ay sinalubong siya ni Cornelio at nagpatirapa sa kanyang paanan, at siya’y sinamba.”

“Datapuwa’t itinindig siya ni Pedro na sinasabi, Magtindig ka; ako man ay tao rin.” Gawa 10:25-26

Si Maria, ang ina ni Jesus ay nasa libingan. Hindi niya matutulungan ang sinoman.

Sinabi ni Jesus, “Ako at ang Ama ay iisa. Nagsidampot uli ng mga bato ang mga Judio upang siya’y batuhin.”

“Sinagot sila ni Jesus, Maraming mabubuting gawa na mula sa Ama ang ipinakita ko sa inyo; alin sa mga gawang yaon ang ibinabato ninyo sa akin? Sinagot siya ng mga Judio, Hindi dahil sa mabuting gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at sapagka’t ikaw, bagaman ikaw ay tao, ay nagpapakunwari kang Dios.” Juan 10:30-33.

“At ang iba, ang pangalawang anghel, ay sumunod na nagsasabi, Naguho, naguho ang dakilang Babilonia...” Apocalipsis 14:8.

Sino ang Babilonia?

Ang aklat ng Apokalipsis ay gumagamit ng mga simbolo upang mailarawan ang mga bagay

Sa Apokalipsis ay ginamit ang Babilonia upang ilarawan ang mga bumagsak na iglesia:

“Na siyang nagpainom sa lahat na bansa ng alak ng kagalitan ng kaniyang pakikiapid.” Apocalipsis 14:8.

Sinuway ni Belshazzar ang Dios sa pamamagitan ng paglalasing:

“Sila’y naginuman ng alak, at nagsi-

puri sa mga dios na ginto, at pilak, tanso, bakal, kahoy, at bato.” Daniel 5:4

Ang Babilonia ay naging gintong tasa sa kamay ng Panginoon, na lumango sa buong lupa: ang mga bansa ay nagsiinom ng kaniyang alak; kaya’t ang mga bansa ay nangaulol.” Jeremias 51:7.

ANG BABILONIA AY SAGISAG NG MGA BULAANG RELIHIYON, AT ANG ALAK AY SAGISAG NG KANIYANG MGA MALING ARAL.

“At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok, at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Pumarito ka, ipakikita ko sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na nakaupo sa maraming tubig [ang tubig ay mga bayan; at mga karamihan, at mga bansa, at mga wika. Apocalipsis 17:15] Na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid...”

“At nararamitan ang babae ng kulay-ube at ng pula, at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng mga kasuklamsuklam, at ng mga bagay na marurumi ng kaniyang pakikiapid.”

“At sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan, HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAM-SUKLAM SA LUPA”

“Nakita ko ang babae na lasing sa dugo ng mga banal at sa dugo ng mga martir ni Jesus At nang aking makita siya ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas.” Apocalipsis 17:1-6.

ANG BABAE SA HULA AY SAGISAG NG IGLESIA, NG MABUTI O TUMALIKOD NA IGLESIA.

Ang masamang babae [bulaang iglesia] ay tinatawag na patotot. Apocalipsis 17:1.

Ang mabuting babae [tunay na iglesia] ay tinatawag na birhen. Apocalipsis 14:4.

Ang masamang babae ay nakikiapid sa mga hari sa lupa. Apocalipsis 17:2.

Ang mabuting babae ay ikinasal kay Kristo. 2 Corinto 11:2.

Ang masamang babae ay nadadamitan ng pula, ube at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahahalagang bato. Apocalipsis 17:4.



Ang malinis na babae ay nadadamitan ng mahalagang lino, malinis at puti. Apocalipsis 19:8.

Ang masamang babae ay nagtuturo ng tradisyon, ang karumihan ng kaniyang pakikiapid. Apocalipsis 17:4.

Ang mabuting babae ay nagtuturo ng Banal na Salita ng Dios. Apocalipsis 14:5.

Ang mabuting babae ay tumutupad sa utos ng Dios. Apocalipsis 14:12.

Ang masamang babae ay lilipulin ng Dios. Apocalipsis 19:20

Ang mabuting babae ay tatayong kasama ng Dios sa bubog na dagat. Apocalipsis 15:2.

“Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian.”

“At siya’y sumigaw ng malakas na tinig, na nagsasabi, Naguho, naguho ang dakilang Babilonia, at naging tahanan ng mga demonio, at kulungan ng bawa’t espiritung karumaldumal, at kulungan ng bawa’t karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon.”

“Sapagka’t dahil sa alak ng galit ng kaniyang pakikiapid ay naguho ang lahat ng mga bansa; at ang mga hari sa lupa ay nakiapid sa kaniya, at ang mga mangangalakal sa lupa ay nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng kaniyang kalayawan.”

“At narinig ko ang ibang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Mag-silabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong maramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot.” Apocalipsis 18:1-4.. Ang lumabas sa Babilonia ay nangangahulugang lumabas mula sa lahat ng mga bulaan at tumalikod na iglesia.

“At ang ibang anghel, ang pangatlo, ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, Kung ang sinoman ay sumasamba sa hayop...” Apocalipsis 14:9.

Sino ang hayop?

Sa pangitain ay nakita ni Daniel "At apat na malaking hayop na magkakaiba ay nagsiahon mula sa dagat." Daniel 7:3.

"Ang una'y gaya ng leon..."

BABILONIA, naghari sa mundo mula 606 - 539 B.C.

"At, narito, ang ibang hayop, na ikalawa, na gaya ng isang oso; at lumitaw sa isang tagiliran..." Daniel 7:5.

Ang isang panig ay mas malakas kaysa sa isa. Ang MEDIA AT PERSIA ay naghari sa mundo mula 539 - 331 B.C. Ang Persia ay mas malakas at huling lumitaw

"Pagkatapos nito'y tumingin ako, at narito ang iba, gaya ng isang leopardo." Dan. 7:6. Ang GRECIA ay naghari sa mundo mula 331 - 168 B.C.

"Pagkatapos nito'y may nakita ako sa pangitain sa gabi, at, narito, ang ikaapat na hayop, kakilakilabot at makapangyarihan, at totoong malakas; at may malaking mga ngi-ping bakal; nananakmal at lumuluray, at niyuyurakan ng kaniyang mga paa ang nalabi: at kaiba sa lahat na hayop na una sa kaniya; at siya'y may sangpung sungay." Daniel 7:7. Ang ROMA ay naghari sa mundo mula A.D. 168 - 538.

"Ganito ang sabi niya, Ang ika-apat na hayop ay magiging ikaapat na kaharian sa ibabaw ng lupa na magiging kaiba sa lahat ng kaharian, at sasakmalin ang buong lupa, at yuyurakan, at pagluluraylurayin." Daniel 7:23.

Ang Emperyo ng Roma ay nahati sa sampung bahagi sa pagitan ng A.D. 351 at 476.

"Aking pinagdilidili ang mga sungay, at, narito, sumibol sa gitna ng mga yaon ang ibang sungay, isang munti, na sa harap niyao'y tatlo sa mga unang sungay ay nabunot sa mga ugat: at, narito, sa sungay na ito ay may mga mata na parang mga mata ng tao, at isang bibig na nagsasalita ng mga dakilang bagay." Daniel 7:8. Ang maliit na sungay na ito ay siyang hayop sa Apocalipsis 14:9, **ANG KAPAPAHAN.**

Upang ang Iglesia Katoliko ay magkaroon ng lubusang kapamahalaan ay kinailangang lupigin niya ang tatlo sa sampung sungay, Heruli, Vandals, at Ostrogoths. Ang mga kahariang ito ay lubusang nalupig noong A.D. 538 at mula sa panahong ito ang kapapahan ay maghahari sa loob ng 1260 taon. A.D. 538-1798.

"Ako'y tumingin, at ang sungay ding

yaon ay nakipagdigma sa mga banal, at nanaig laban sa kanila;...At siya'y magbabadya ng mga salita laban sa Kataastaasan, at lilipulin niya ang mga banal ng Kataas-taasan; at kaniyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan; at sila'y mangabibigay sa kaniyang kamay hanggang sa isang panahon, at mga panahon at kalahati ng isang panahon." Daniel 7:21-25.

"At ang loobang nasa labas ng templo ay pabayaan mo, at huwag mong sukatin; sapagka't ibinigay sa mga bansa: [ang tunay na iglesia] at kanilang yuyurakang apat na pu't dalawang buwan ang banal na siudad." Apocalipsis 11:2.

"At tumakas ang babae sa ilang [ang tunay na iglesia], na doon siya'y ipinaghanda ng Dios ng isang dako, upang doon siya ampuning isang libo dalawang daan at anim na pung araw." Apoc. 12:6.

1 araw = 1 taon

"Ayon sa bilang ng mga araw na inyong itiniktik sa lupain, sa makatuwid baga'y apat na pung araw, sa baw't araw ay isang taon,..." Bilang 14:34.

"Baw't araw ay pinaka isang taon,..." Ezekiel 4:6.

"At sila'y mabibigay sa kaniyang kamay hanggang sa isang panahon, at mga panahon at kalahati ng isang panahon." Daniel 7:25; Apocalipsis 12:14

Panahon = 1 taon.

Mga panahon = 2 taon.

1/2 panahon = 1/2 taon.

Sa hula ang 1 taon = 360 araw.

3 1/2 panahon = 3 1/2 X 360 = 1260 mga araw

1 araw = 1 taon; 1260 araw = 1260 taon.

Ang tunay na iglesia ay inusig ng Iglesia Romano Katoliko sa loob ng 1260 taon, A.D. 538 - 1798.

Paano nagkaroon ng kapangyarihan ang Kapapahan Roma?

"At siya'y tumayo sa buhanginan ng dagat. At nakita ko ang isang hayop [Kapapahan] na umaahon sa dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay ay may sangpung diadema, at sa kaniyang mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan."

"At ang hayop [Kapapahan] na aking nakita ay katulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng sa oso, at ang kaniyang bibig ay gaya ng bibig ng

leon: at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan." Apocalipsis 13:1-2

"Ang pag-alis ng kapitolyo ng Emperyo mula Roma sa Constantinople noong 330 ay nag-iwan sa Kanlurang Iglesia na malaya sa kapangyarihan ng emperyo, upang palaguin ang sarili nitong organisasyon. Ang Obispo ng Roma, sa luklukan ng mga Ceasars ang siya nang pinakadakilang tao sa Kanluran, at 'di nagtagal ay napilitang maging politikal at espirituwal na pinuno." A.C. Flick, *The Rise of the Medieval Church*, p. 168.

"Anumang Romanong elemento ang iniwan ng mga barbaro at Arian...sa ilalim ng proteksyon ng Obispo ng Roma, na siyang pangunahing tao doon matapos mawala ang Emperador... Isinulong ng Iglesia Romano sa ganitong paraan ang kaniyang sarili sa lugar ng Romanong Pansanlibutang Emperyo, na sa katunayan ay pagpapatuloy nito, ang emperyo ay hindi nawala kundi nagbago lamang ng anyo. Ang [Iglesia Katoliko] ay isang politikal na likha at nagpupumilit maging pansanlibutang emperyo, sapagkat ito'y pagpapatuloy ng Romanong Emperyo. Ang papa, na tinatawag niya ang kaniyang sarili na Hari at Pontifex Maximus, ay kapalit ni Caesar." Adolf Harnock, *What is Christianity?* 1903, pp. 269-270.

Milyong mga Martir

"Na ang Iglesia ng Roma ay nag-buhos ng mas maraming inosenteng dugo kaysa anumang institusyon ay hindi maikakaila ng sinomang Protestante na may lubusang kaalaman sa kasaysayan. Imposibleng lubusang malaman ang dami ng kaniyang biktima at malinaw na walang kapangyarihan ng imahinasyon ang lubusang makapagpapaliwanag sa kanilang paghihirap." Lecky, *History of the Rise and Influence of the Spirit of Rationalism in Europe*. Vol. 2:32.

Isang artikulo na nagpapaliwanag sa karapatan ng Iglesia Katoliko na gawin ito ay masusumpungan sa *Catholic Encyclopedia*, Vol. 12:266.

"Sa magpapanggap ng pananam-palataya na salungat sa turo ng Iglesia Romana ay naitala sa kasaysayan ang pagkamatay ng higit sa isang milyong mga tao. Isang milyong Waldenses at Albigenses [Swiso at French na Protestante] ang napahamak nang

naglunsad ng krusada si Papa Innocent III noong 1208. Mula nang maitatag ang Jesuita noong 1540 hanggang 1580, 900,000 ang nalipol. 150,000 ang napahamak sa pamamagitan ng Inquisisyon sa loob ng 30 taon. Sa loob ng 38 taon pagkatapos ng utos ni Charles V laban sa mga Protestante 50,000 ang binitay, pinugutan, o sinunog na buhay dahil sa pagiging heretiko. 18,000 pa ang napahamak sa ilalim ng pamamahala ng Duke ng Alva sa loob ng lima at kalahating taon." *Brief Bible Readings*, p. 16.

Si John Wycliff na isang dakilang anak ng Dios ay lubos na kinamumuhian ng kapapahan na anupa't 40 taon matapos siyang mamatay ay hinukay ang kaniyang katawan at sinunog sa harap ng publiko. Sa pamamagitan ng mga sulat ni Wycliff ay naipakilala ang maraming mga kamalian ng Romanismo.

Si Huss at si Jerome ay parehong sinunog na nakagapos. Sila'y tumanggap tumigil sa pangangal ng katotohanan kaya nga sila'y inihagis sa apoy. (Wylie, b3, ch. 17).

Ukol sa Papa ay simulat ni Martin Luther, "Kakila-kilabot na masdan ang isang tao na nagpapanggap na kahalili ni Kristo na may gayong karangyan na hindi mahihigitan ng sinomang emperador. Ang nilalang bang ito'y gaya ng mahirap na si Jesus, o ng mapagpakumbabang si Pedro? Siya, anila, ang Panginoon ng sanlibutan! Subali't si Kristo na sinasabi niyang kaniyang kinakatawanan ay nagsabi, 'Ang aking kaharian ay hindi sa sanlibutang ito'. Ang pamunuan ba ng kahalili ay hihigit kaysa sa nakatataas sa kaniya?" *D'Aubigne*, B, Ch.3.

Sinabi ni Luther: "Aking kinamumuhian at babatikusin ito, [isang sulat ng papa na kinukundina si Luther] bilang huwad....Ako'y nagagalak na makaranas ng gayon para sa kabutihan ng gawain. Ngayon pa ma'y aking nararanasan sa aking puso ang lalo pang kalayaan sapagka't sa wakas ay aking nalalaman na ang papa ay antikristo, at ang kaniyang trono ay kay Satanas." *D'Aubigne*, B.6, Ch. 9.

Sugat Gumaling

"At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay," Apocalipsis 13:3.

"Kung ang sinoman ay sa pagkabihag, ay sa pagkabihag paroroon siya: kung ang sinoman ay papatay sa tabak, ay dapat siyang mamatay sa tabak. Narito ang

pagtitiyaga at ang pananampalataya ng mga banal.” Apocalipsis 13:10.

Atin nang napatunayan na ang Kapapahan ay maghahari sa lupa sa loob ng 1260 mga taon—A.D. 538 to 1798. Tingnan ang chart.

Noong 1798 ang Paghahari ng Sindak ay nagpatuloy sa French na Rebolusyon at ang Romano Katolikong relihiyon ay isinantabi sa France. Binihag ng hukbo ng France, sa ilalim ni heneral Berthier ang papa. Petsa: Feb. 10, 1798. Ang ikinulong na papa ay namatay sa kulungan sa Valence, France nang sumunod na taon . Isang malakas na sigaw ang narinig, “Patay na ang Katolisismo.” Tinanggap ng Kapapahan ang “sugat na ikamamatay.” Apok. 13:3. Subali’t sinabi sa atin na ang sugat na ikamamatay ay gagaling, at malapit na na ang buong mundo ay “mamamangha sa hayop.” Ibid.

Noong 1929 si Kardinal Gasparre ay nakipagtagpo kay Premier Mussolini sa lugar ng St. John Lateran kung saan ang Treaty ng Vatican ay pinirmahan, na nagsasauli ng kapangyarihang temporal sa Kapapahan, at muli itong ginawang kahariang may sariling teritoryo.

Subali’t ang sugat ay hindi pa lubusang gumaling.

Ang sugat ay ang paghihiwalay ng iglesiya ng Roma mula sa kontrol ng pamahalaan; at kapag ang sugat ay lubusang gumaling, kokontrolin ng Iglesiya Romano Katoliko ang pamahalaan. Ang Estados Unidos ay magiging kasangkapan upang ito’y matupad

“At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero, at siya’y nagsasalitang gaya ng dragon.”

“At kaniyang isinasagawa ang buong kapamahalaan ng unang hayop sa kaniyang paningin. At pinasasamba niya ang lupa at ang nananahan dito sa unang hayop, na gumaling ang sugat na ikamamatay.” Apocalipsis 13:11-12.

Ang Estado Unidos ay tahimik na sumibol noong 1798, halos kasabay ng pagkawala ng kapangyarihan ng Kapapahan. Ang dakilang bansang ito ng Amerika ay may dalawang sungay na gaya ng kordero—bansang walang hari at iglesiyang walang papa. Isang bansang nagmamalaki sa kalayaan ng relihiyon at demokrasya kung saan ang bawat mamamayan ay may tinig sa mga bagay

na sibil. Subali’t ang dakilang bansang ito ay malapit nang magsalita na gaya ng DRAGON.

Sinasabi ng U.S. Konstitusyon , “Ang Kongreso ay hindi makagagawa ng utos na nagbabawal sa pagtatag ng relihiyon, o magbabawal sa malayang paggamit nito, o pagpigil sa kalayaan ng pananalita, o ng palimbagan, o ng karapatan ng tao na mapayapang makapagtipon at magpetisyon sa Gobyerno ng mga hinaing.”

Sinabi ni Abraham Lincoln sa kaniyang talumpati sa Gettysburg, “Isang gobyernong binubuo ng tao, ng mga tao at para sa mga tao.”

Nilikha ng mga tao ng Estados Unidos ang Konstitusyong gumagarantiya ng kalayaan sa relihiyon para sa lahat. Hindi magtatagang ang mga tao sa Estados Unidos ay magbabago at sa pamamagitan ng pagboto ay hihiling na baguhin ng Kongreso ang Konstitusyon. Sinasabi sa Biblia na sa pamamagitan ng espiritismo ang buong mundo ay madadaya. Magkakaroon ng mga matitinding bagyo, mga lindol, taggutom, mga salot at mga sakit. Habang papalapit ang wakas ito’y lalala, at ang mga anak ng Dios ay sisisihin. Ang mga espirita at ang mga mangangaral ay magsasabi na ang mga teriblang pangyayari ng kalikasan ay hindi titigil hanggang sa ‘di ipangilin ng lahat ang Linggo.’ Ang mga tao’y hihiling ng kautusan ukol sa Linggo. Ang Estados Unidos ay mangunguna at ang buong mundo ay susunod. “At ang buong lupa’y nanggilalas sa hayop;” Apocalipsis 13:3.

Inilalarawan ang Sunday law na nakikipagbaka sa bayan ng Dios.

“At nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kaniyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni Jesus.” Apocalipsis 12:17.

Ang lahat ng tatanging sumunod sa utos na ito ay babantaan ng multa, kulong at sa wakas ay kamatayan.

Ang mga utos sa pangingingin ng Linggo ay ipatutupad sa Amerika, at pagkatapos ang bawa’t bansa sa sanlibutan ay susunod—Old Mexico, South Amerika, India, Asia, Europa, Russia, Afrika at lahat ng mga isla. Ang bawat nilalang sa buong mundo ay magpapasiyang susunod sa utos ng Dios o utos ng tao.

“At ang lahat ng nananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat

sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan.” Apocalipsis 13:8.

Hindi na magtatagal at isasauli ng Estados Unidos ang kapangyarihang Sibil sa Kapapahan.

“At nadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kaniya’y ipinagkaloob na magawa sa paningin ng hayop; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng isang larawan ng hayop na mayroon ng sugat ng tabak at nabuhay.”

“At siya’y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan ng hayop, upang ang larawan ng hayop ay makapangusap, at maipapatay naman ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng hayop.”

“At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo;”

“At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang

mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kaniyang pangalan.” Apocalipsis 13:14-17.

Tanda ng Hayop

“At ang ibang anghel, ang pangatlo, ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, Kung ang sinoman ay sumasamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kaniyang noo, o sa kaniyang kamay, Ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman ng kaniyang kagalitan; at siya’y pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Cordero.” Apocalipsis 14:9-10.

ANG TANDA NG HAYOP ay LINGGO na ipatutupad ng utos—Ito ay TANDA ng Iglesiya Katoliko.

Sabi ng Iglesiya Katoliko; “Siyempre inaamin ng Iglesiya Katoliko na ang pagbabago [Sabado sa Linggo] ay kagagawan niya. At ang gawang iyon ay TANDA ng kaniyang eklesiastikal na kapangyarihan.”

Mga tradisyon ng Iglesiya Katoliko at taon nang ito’y nagpasimula:

A.D. 300—Panalangin para sa patay at ang simbolo ng krus	1190—Pagbibili ng indulhensiya
321—Mga Utos ukol sa Linggo	1215—Pangungumpisal sa pari
375—Paggalang sa mga anghel, namatay na santo at paggamit ng mga imahen	1220—Paggalang sa tinapay
394—Araw-araw na misa	1229—Ipinagkait ang Biblia sa layko
400— Inusig ang mga nangingilin ng Sabbath	1251—Ang Skapular
431—Tinawag si Maria na “Ina ng Dios”	1414—Ang Saro ikinait sa mga tao
450—Kaparusahang kamatayan para sa mga nangingilin ng Sabbath	1508—pagdarasal ng Ave Maria nang may rosaryo
500—Kakaibang pananamit ng mga pari	1524—Kilusan ng Jesuit itinatang
593—Purgatoryo	1545—Tradisyon itinanghal na kapantay ng Biblia
600—Salitang Latino sa mga panalangin at pagsamba	1546—Idinagdag ang mga aklat ng Apokripa
607—Titulo ng Papa o pangkalahatang Obispo ginamit	1854—Immaculate conception
709—Paghalik sa paa ng papa	1864—Ang “Talaan ng mga Kamalia” ng Papa na nagbabawal sa kalayaan ng relihiyon, pananalita, palimbagan...
750—Kapangyarihang sibil ng papa	1870—Di pagkakamali ng papa
786—Pagsamba sa krus, imahen, relikyang at mga buto	1930—Publiko, at lahat ng di Katolikong paaralan kinundina
850—Banal na Tubig	1950—Ipinahayag ang pag-akyat sa langit ni Birheng Maria
927—Kolehiyo ng mga Kardinal	1965—Si Maria ay naging ina ng iglesiya
965—Paggamit ng batingaw	Idagdag dito ang iba pa: mongha, madre, hermita, monasteryo, kumbento, kuwaresma, banal na linggo, Linggo ng Palaspas, Banal na Tubig, Miyerkoles ng abo, Araw ng Patay, Halloween, araw ng isda, paghahampas, insenso, banal na langis, medalya, anting-anting, at marami pang iba.
995—Kanonisasyon ng mga patay na santo	
998—Pag-aayuno sa Mahal na Araw	
1079—Hindi pag-aasawa ng mga pari	
1090—Ang rosaryo at ang panalangin ng may rosaryo	
1184—Ang Inquisisyon	

Cardinal Gibbons, Nov. 11, 1895.

“At ang usok ng hirap nila ay napailanglang magpakailan kailan man; at sila’y walang kapahingahan araw at gabi, silang mga nagsisisamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at sinomang tumatanggap ng tanda ng kaniyang pangalan.” Apocalipsis 14:11.

Mayroong tapat na Kristiyano sa bawat iglesiya, maging sa Iglesia Katoliko, na sumamba sa Dios sa araw ng Linggo. Sila’y lumakad sa lahat ng liwanag na mayroon sila. Kanilang pinaglingkuran ang Dios ayon sa kaalamang mayroon sila. Hindi nila tinanggap ang TANDA NG HAYOP. Subalit kapag ang pangangilin ng LINGGO ay maipatupad sa pamamagitan ng utos, ay sa gayon sinumang susunod sa utos ng tao at magtatakuwil sa utos ng Dios ay tatanggap ng tanda ng hayop. Sila’y tatanggap ng pitong huling salot.

“At humayo ang una, at ibinuhos ang kaniyang mangkok sa lupa; at naging sugat na masama at mabigat sa mga taong may tanda ng hayop na yaon, at nangagsisamba sa kaniyang larawan.” Apocalipsis 16:2.

“Ang aming Dios ay darating at hindi tatahimik; Isang apoy na mamumugnaw sa harap niya, At magiging totooong malaking bagyo sa palibot niya. Siya’y tatawag sa langit sa itaas, At sa lupa upang mahatulan niya ang kaniyang bayan.” Mga Awit 50:3-4.

“Sa kaarawang yaon ay ihahagis ng mga tao ang kanilang mga diosdiosang ginto, na kanilang ginawa upang sambahin, sa yungib ng mga bilig at ng mga paniki; Upang pumasok sa mga puwang ng malalaking bato, at sa mga bitak ng mga malaking bato, sa harap ng kakilabutan sa Panginoon, at sa kaluwalhatian ng kaniyang kamahalan, pagka siya’y bumangon upang yaniging may kapangyarihan ang lupa.” Isaias 2:20-21.

“At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa’t alipin at ang bawa’t laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok; At sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami’y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero: Sapagka’t dumating na ang dakilang araw ng kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo?” Apocalipsis 6:15-17.

“At nakita ko ang hayop, at ang mga hari sa lupa, at ang kanilang mga hukbo, nagkakatipon upang makipagbaka laban doon sa nakasakay sa kabayo, at laban sa kaniyang hukbo.”

“At sinungaban ang hayop, at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga tanda sa harapan nito, na siyang ipinangdaya sa mga nagsitanggap ng tanda ng hayop at sa mga sumamba sa larawan nito: ang dalawang ito ay inihagis na buhay sa dagatdagatang apoy na nagliliyab sa asupre.” Apocalipsis 19:19-20.

“At ang mapapatay ng Panginoon sa araw na yao’y magiging mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa: sila’y hindi tataghuyan, o dadamputin man, o ilililing man; sila’y magiging dumi sa ibabaw ng lupa.” Jeremias 25:33.

Tanda ng Dios

Hindi lahat ay tatanggap ng Tanda ng Hayop:

“At nakita ko ang gaya ng isang dagat na bubog na may halong apoy, at yaong nagtagumpay sa hayop, at sa kaniyang larawan, at sa bilang ng kaniyang pangalan, ay nakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na may mga alpa ng Dios.” Apocalipsis 15:2.

Yaong hindi tatanggap ng Tanda ng Hayop ay tatanggap ng Tanda ng Dios.

“Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng ating Dios.” Apocalipsis 7:3.

“Talian mo ang patotoo, tatakan mo ang kautusan sa gitna ng aking mga alagad.” Isaias 8:16.

Ang tanda ng Dios ay nagpakita ng PANGALAN, KAPANGYARIHAN, AT KAPAMAHALAN sa Kaniyang Utos:

“Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Ngunit ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan.”

“Sapagka’t sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa

ikapitong araw; na ano pa’t pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal.” Exodo 20:8-11.

“Ito’y isang tanda sa akin at sa mga anak ni Israel magpakailan man: sapagka’t sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, at sa ikapitong araw, ay nagpahinga at naginghawahan.” Exodo 31:17.

“At inyong ipangilin ang aking mga sabbath; at mga magiging tanda sa akin at sa inyo, upang inyong maalaman na ako ang Panginoon ninyong Dios.” Ezekiel 20:20.

Ang ikapitong araw na Sabbath ay siya pa ring banal na araw ng Dios at ang pagsunod sa utos ng Dios ay siyang huling pagsubok para sa TANDA NG DIOS.

“At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw...at siya’y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel na pinagkaloobang maipahamak ang lupa at ang dagat, Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng ating Dios.” Apocalipsis 7:2-3.

“Narito ang pagtitiyaga ng mga banal, ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya ni Jesus.” Apocalipsis 14:12.

“Mapapalad ang nagsisitupad ng kaniyang mga utos, upang sila’y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan.” Apocalipsis 22:14.

Karamihan ng mga iglesiya at ibang pagsamba ay hindi lubusang sumusunod sa Biblia. Hinahalian nila ang katotohanan ng pagano at tradisyon ng tao.

Ang pangangilin ng Linggo ay tradisyon ng tao. Ito’y nagmula sa paganong pagsamba sa araw. Ang imortalidad ng kaluluwa ay hindi Biblikal. Ang pagbibinyag ng sanggol ay hindi itinuturo sa Biblia. Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng pagwiwisik ay wala sa Biblia.

“Kaming mga Katoliko kung gayon ay may gayon ding karapatan sa pangangilin ng Linggo sa halip na Sabado, na gaya ng iba pang bahagi ng aming mga aral, ang awtoridad ng Iglesia. Samantala, kayong mga Protestante ay tunay na walang karapatan sapagkat walang awtoridad para dito[Pangangilin ng Linggo] sa Biblia, at

hindi ninyo inaamin ang anomang awtoridad saanman. Sa katunayan, kayo at kami ay parehong sumusunod sa tradisyon sa bagay na ito, subalit sinusunod natin ito sa paniniwalang bahagi ito ng Salita ng Dios, at ang iglesiya [Katoliko] na siyang hinirang na tagapagbantay at tagapaliwanag, ay inyong sinusunod, habang malimit niyo itong tinutuligsa bilang isang nagkakamali at mapandayang tagaakay, na malimit na winawalang kabuluhan ang mga utos ng Dios” *The Brotherhood of St. Paul*, “The Clifton Tracts” Vol 4, tract 4, p.15. “Mabuting ipaalaala sa mga Presbyterians, Baptista, Methodista at lahat ng iba pang Kristiyano, na hindi sila saanman sinusupoortahan ng Biblia sa kanilang pangangilin ng Linggo. Ang Linggo ay institusyon ng Iglesia Romano Katoliko at yaong nangangilin nito ay sumusunod sa utos ng Iglesia Katoliko.” Priest Brody, *N.J. News* March 18, 1903.

PROTESTANTE SUMANG-AYON

Mga pari, iskolar at kilalang manunulat, na pawang nangangilin ng Linggo na tradisyon ng iglesiya ay nagpapatotoo na ang Sabbath ng Biblia ay ang ikapitong araw [Sabado] at hindi Linggo. Ang Linggo ay hindi ang araw ng Panginoon.

PROTESTANTE NAGSALITA

Congregationalist: “Malinaw na bagaman gaano kahigpit at katapat namin ipangilin ang Linggo, kami’y hindi nangangilin ng Sabbath. . . . Ang Sabbath ay itinatag ng isang tiyak at makalangit na utos. Wala kaming maidadahilang gayon sa pangangilin ng Linggo. . . . Walang anomang kasulatan sa Bagong Tipan ang nagpapahiwatig na kami’y parurusahan sa pagsalangsang sa sinasabing kabanalan ng Linggo” Dr. R. W. Dale, *Ang Sampung Utos*, p. 106–107.

Lutheran Free Church: “Sapagka’t kung papaanong walang maipapakitang talata sa Biblia na nagpapatunay na ang Panginoon mismo, o ang mga apostol ang nag-utos sa paglilipat ng Sabbath sa Linggo, kung gayon ay hindi madaling sagutin ang tanong: Sino ang naglipat ng Sabbath at sino ang may karapatang gawin ito?” George Sverdrup, “A New Day.”

Presbyterian: “Walang salita, walang pahiwatig sa Bagong Tipan ukol sa ‘di paggawa sa araw ng Linggo. Ang pangangilin ng Miyerkoles ng Abo, o

Kuwaresma ay may gayong ding katayuan na gaya ng pangilingin ng Linggo. Sa kapahingahan ng Linggo ay walang Utos ng Dios ang maibibigay." Canod Eyton, in "The Ten Commandments."

Anglican: "At saan sa Kasulatan na tayo'y sinasabihang ipangilin ang unang araw kailanman? Tayo'y inutusang ipangilin ang ikapito, subali't saanman ay hindi tayo inuutusang ipangilin ang unang araw." Isaac Williams, *Plain Sermons on the Catechism*, pp. 334, 336.

Methodist: "Totoo na walang positibong utos para sa pagbibinyag ng sanggol. Gayon din sa pangilingin ng unang araw ng sanlinggo. Marami ang naniniwala na binago ni Kristo ang Sabbath. Subali't mula mismo sa Kaniyang salita ating makikita na Siya'y 'di naparito ng may gayong layunin. Yaong naniniwalang binago ni Jesus ang Sabbath ay base lamang sa haka-haka." Amos Binney, *Theological Compendium*, pp. 180-181.

Episcopalian: "Ginawa namin ang pagbabago mula sa ikapitong araw sa unang araw, mula Sabado sa Linggo, sa awtoridad ng isang banal, Katoliko, apostolikong iglesia ni Kristo..." Bishop Seymour, "Why We Keep Sunday."

Baptist: "Para sa akin 'di maipali-liwanag na si Jesus sa tatlong taong pakikipag-usap Niya sa mga alagad, na malimit na tinatalakay nila ang usapin ukol sa Sabbath, ay kailanma'y hindi nagpahiwatig sa anomang paglilipat ng araw, gayon din na sa 40 nang Siya'y nabuhay na uli, walang gayong bagay ang naipahiwatig. Ayon sa aming kaalaman, hindi tinukoy ng Espiritu ang puntong ito. Gayon din na ang mga kinasihang apostol, sa pangangaral ng ebanghelyo, pagtatag ng mga iglesia, pagpapayo at pagtuturo sa mga naitatag, ay hindi binanggit ang usaping ito."

"Siyempre, nalalaman ko na ang Linggo ay lumitaw sa maagang kasaysayan ng Kristiyano bilang relihiyosong araw, na ating nalaman mula sa mga Ama ng Kristiyano at iba pa. Subali't kaawa-awa na ito'y iniuugnay sa Paganismo, at nabin-yagan ng pangalan ng dios ng araw, pagkatapos ay inangkin at pinakabanal ng Kapapahan at ipinamana bilang banal na mana sa Protestantismo." Dr. E. T. Hiscox, *New York Examiner*, November 16, 1893.

Mula mismo sa mga Katoliko ay ating malinaw na mapatutunayang binago niya

ang Sabbath mula Sabado, ang ikapito, sa Linggo, ang unang araw ng sanlinggo. Kanila ring pinatutunayan na kanilang dinala ang pangilingin ng Linggo sa Kristiyanong Iglesia upang ipangilin ng lahat.

Ang mga Protestanteng ministro at mga kilalang manunulat ay malinaw na nagsasabi na saanman sa Luma o Bagong Tipan ng Biblia ay walang anomang talata para sa pangilingin ng Linggo o sa kabanalan ng Linggo.

Ang araw ng Linggo ay hindi banal. Ang pagsamba sa Linggo ay mula sa paganong pagsamba sa araw.

"Bakit naman kayo'y nagsisilabag sa utos ng Dios dahil sa inyong sali't-saling sabi?..." Kayong mga mapagpaimbabaw, mabuti ang pagkahula sa inyo ni Isaias, na nagsasabi, Ang bayang ito'y iginagalang ako ng kanilang mga labi; Datapuwa't ang kanilang puso ay malayo sa akin. Datapuwa't walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao..."

"Datapuwa't sumagot siya at sinabi, Ang bawa't halamang hindi itinanim ng aking Ama na nasa kalangitan, ay bubunutin."

"Pabayaan ninyo sila: sila'y mga bulag na tagaakay. At kung ang bulag ay umakay sa bulag, ay kapuwa sila mahuhulog sa hukay." Mateo 15:3, 7-9, 13-14.

Ang huling babala laban sa tanda ng hayop ay magiging pangka-lahatang pabalita. Bibigyan ng Dios ang bawa't tao ng huling pagpili, ang sundin Siya, o sundin ang mga utos ng tao, na salungat sa utos ng Dios.

Ang Panginoon ang Magkakalinga

"Ikaw ay hindi matatakot sa kakilabutan sa gabi, Ni sa pana man na humihilagpos kung araw; Dahil sa salot na dumarating sa kadiliman, Ni dahil sa paggiba man na sumisira sa katanghaliang tapat."

"Isang libo ay mabubuwal sa iyong siping, At sampung libo sa iyong kanan; Nguni't hindi lalapit sa iyo."

"Sapagka't ikaw, Oh Panginoon, ay aking kanlungan! Iyong ginawa ang Kataastaasan na iyong tahanan; Walang kasamaang mangyayari sa iyo ni anomang salot ay lalapit sa iyong tolda." Mga Awit 91:5-7, 9-10.

"Sila'y hindi na magugutom pa, ni

mauhuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init."

"Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Dios ang bawa't luha ng kanilang mga mata." Apocalipsis 7:16-17.

"Ikaw ay parito, bayan ko, pumasok ka sa iyong mga silid, at isara mo ang iyong mga pintuan sa palibot mo: magkubli kang sangdali, hanggang sa ang galit ay makalampas;"

"Sapagka't narito ang Panginoon ay lumalabas mula sa kaniyang dako upang parusahan ang mga nananahan sa lupa dahil sa kanilang kasamaan: ililitaw naman ng lupa ang kaniyang dugo at hindi na tatakpan ang kaniyang napatay." Isaias 26:20-21.

"At nakita ko ang gaya ng isang dagat na bubog na may halong apoy, at yaong nangagtagumpay sa hayop, at sa kaniyang larawan, at sa bilang ng kaniyang pangalan, ay nangakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na may mga alpa ng Dios."

"At inaaawit nila ang awit ni Moises na alipin ng Dios, at ang awit ng Cordero, na sinasabi, Mga dakila at kagilagilalas ang iyong mga gawa, Oh Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga bansa." Apocalipsis 15:1-3.

"Tayo'y magalak at tayo'y magsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na."

"At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal."

"At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios." Apocalipsis 19:7-9.

"At sa panahong yaon ay tatayo si Miguel, na dakilang prinsipal na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan; at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailanman mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat."

"At marami sa kanila na natutulog sa alabok ng lupa ay magigising, ang iba'y sa walang hanggang buhay, at ang iba'y sa kahihiyang at sa walang hanggang pagkapahamak." Daniel 12:1-2.

"Sa gitna ng pagiray-giray ng lupa, ng mga kidlat, at dagundong ng kulog, ay tinawag ng Dios ang mga natutulog na banal. Minasdan Niya ang mga libingan ng mga matuwid, at sa pagtaas Niya ng Kanyang mga kamay sa langit ay nagwika: 'Kayo'y gumising, kayo'y gumising, kayong natutulog sa alabok, at kayo'y magsibangon!' . . . Mula sa bilanguan ng kamatayan ay magsisilabas sila, na nararamtan ng kaluwalhatiang walang paglipas na nagsasabi: 'Saan naroon O kamatayan ang iyong tagumpay? Saan naroon O kamatayan ang iyong tibo?' 1 Corinto 15:55." *Great Controversy* p. 567.

"Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang namatay kay Cristo ay unang mabubuhay na maguli;"

"Kung magkagayon, tayong nabubuhay, na natitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man." 1 Tesalonica 4:16-17.

"Ang sumasaksi sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo: ako'y madaling pumaparito. Siya nawa: pumarito ka Panginoong Jesus." Apocalipsis 22:20.

"At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na."

"At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa."

"At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila:"

"At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na."

"At yaong nakaluklok sa luklukan ay nagsabi, Narito, ginagawa kong bago ang

lahat ng mga bagay. At sinabi niya, Isulat mo: sapagka't ang mga salitang ito ay tapat at tunay." Apocalipsis 21:1-5.

Mga awit ng tagumpay na sumabay sa musiko mula sa alpa ng mga anghel hanggang sa ang langit ay umapaw sa kagalakan at papuri. Ang pag-ibig ay nagtagumpay. Ang nawaglit ay natagpuan. Ang Langit ay napuno ng tinig na nagpapahayag. "Sa kaniya na nakaupo sa lukluklan, at sa Cordero ay ang pagpapala, at kapurihan, at kaluwalhatian, at paghahari, magpakailan kailan man." Apocalipsis 5:13.

"Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios." Juan 20:17. "Dahil dito naman siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Dios sa pamamagitan niya, palibhasa'y laging nabubuhay siya upang mamagitan sa kanila." Hebreo 7:25.

"Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari sa nasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan." Mateo 25:34

Ang Pag-ibig ng Dios

Ano ang Dios?

"Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Dios; sapagka't ang Dios ay pagibig." 1 Juan 4:8.

Gaano kadakila ang pag-ibig ng Dios sa sanlibutan?

"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16.

Paano naipakita ang walang hanggang pag-ibig ng Dios?

"Tayo'y nagsisiibig, sapagka't siya'y unang umibig sa atin." 1 Juan 4:9.

Sa ilan ipinagkakaloob ng Dios ang Kaniyang pagpapala?

"Sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap." Mateo 5:45.

Ano ang ating pag-asá?

"Siya, na hindi ipinagkait ang kaniyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang lahat ng mga bagay?" Roma 8:32.

Hanggang kailan mananatili ang

pag-ibig ng Dios sa atin?

"Ang Panginoon ay napakita nang una sa akin, na nagsasabi, Oo, inibig kita ng walang hanggang pagibig: kaya't ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang-loob." Jeremias 31:3.

Ano ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Dios?

"Sapagka't ako'y naniniwalang lubos, na kahit ang kamatayan man, kahit ang buhay, kahit ang mga anghel, kahit ang mga pamunuan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating, kahit ang mga kapangyarihan, Kahit ang kataasan, kahit ang kababaaan, kahit ang alin mang ibang nilalang, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pagibig ng Dios, na nasa kay Cristo Jesus na Panginoon natin." Roma 8:38-39.

Kanino magbibigay puri ang mga banal?

"Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo;...sumakaniya nawa ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan kailan man. Siya nawa." Apocalipsis 1:5-6.

Ano ang sabi ukol sa kahabagan ng Dios?

"Nguni't ikaw, Oh Panginoon, ay Dios na puspos ng kahabagan at mapagbiyaya, Banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob at katotohanan." Awit 86:15.

Baki't sinabi ni Kristo na mahal natin ang ating kaaway?

"Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibig ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig; Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap." Mateo 5:44-45

Panahon ng Paghatol

Ano ang nakagugulat na pabalita ang ibinigay sa Apokalipsis 14:7?

"Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig."

Kailan ang panahon ng paghatol?

"At sinabi niya sa akin, Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuario." Daniel 8:14.

Note—Ang Judiong Araw ng Pagtubos ay sa ikasampung araw ng ikapitong buwan kung saan ang santuario ay nalilinis. Ang araw na ito'y ipinalalagay ng mga Judio bilang araw ng paghatol at sa katunayan, isang uri ng pagsisiyasat sa langit. Ang 2300 mga taon ayon sa hula ay umaabot sa paglilinis ng santuario sa langit, sa panahon ng pagsisiyasat. Kung papaanong sa panahon ng mga Judio ang araw ng pagtubos ay araw ng paghatol, kung magkagayon ang gawaing pagtubos ni Kristo ay nasasaklawan ng pagsisiyasat ng Kaniyang mga anak bago ang Kaniyang ikalawang pagparito upang sila'y Kaniyang tanggapin.

Paano tayo makatitiyak na magkaroon ng paghatol?

"Dios...nagtakda ng isang araw na kaniyang ipaguhukom sa sanglibutan ayon sa katuwiran sa pamamagitan ng lalaking kaniyang itinalaga; na ito'y pinatunayan niya sa lahat ng mga tao, nang siya'y buhayin niyang maguli sa mga patay." Gawa 17:30-31.

Ang paghatol ba'y sa hinaharap pa sa panahon ni Pablo?

"At samantalang siya'y nagsasalaysay tungkol sa katuwiran, at sa sariling pagpipigil, at sa paghuhukom na darating, ay nangilabot si Felix, at sumagot, Ngayo'y humayo ka; at pagkakaroon ko ng kaukulang panahon ay ipatatawag kita." Gawa 24:25.

Mula saan hahatulan ang lahat?

"At nabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng Buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa." Apocalipsis 20:12.

Note—May tatlong uri ng paghatol sa Kasulatan: ang pagsisiyasat, na magaganap bago ang Ikalawang Pagparito, ang paghatol sa masasama ni Kristo at ng mga banal sa loob ng isang libong taon, at ang pagparusa sa masasama. Ang pagsisiyasat ay magaganap sa Langit bago dumating si Kristo upang malaman kung sino ang karapatdapat na buhayin sa Kaniyang pagparito, at kung sino sa mga buhay ang babaguhin sa pagtunog ng pakakak. Ang pagpataw ng hatol na parusa sa masasama ay magaganap matapos siyasin ng mga banal ang kanilang tala sa loob ng isang libong taon. Basahin ang Apok. 20:4-5; 1 Corinto 6:1-3. Ang pagsisiyasat na hatol ang siyang inisigaw ng pabalita ng anghel sa Apokalipsis 14:6-7.

Kaninong pangalan ang hindi papawiin sa aklat ng buhay?

"Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel." Apocalipsis 3:5.

Note—Sa paghatol na ito ang mga matuwid at masasama ay nasa libingan pa. Samantala, ang tala ng kanilang buhay ay nasa mga aklat ng langit.

Ikalawang Pagparito

Ano ang ipinangako ni Kristo?

"Huwag magulumihan ang inyong puso: magsisampalataya kayo sa Dios, magsisampalataya naman kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan: kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo; sapagka't ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan. At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon." Apocalipsis 14:1-3.

Ano ang ilan sa mga tanda ng Kaniyang pagparito?

"Na sa mga huling araw ay magsisiparito ang mga manunuya na may pagtuya, na magsisilakad ayon sa kanikanilang masasamang pita, At magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito? sapagka't, buhat nang araw na matulog ang mga magulang, ay nananatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalang." 2 Pedro 3:3-4.

"Sapagka't kayo rin ang mga lubos na nakakaalam, na ang pagdating ng kaarawan ng Panginoon ay gaya ng magnanakaw sa gabi. Pagka sinasabi ng mga tao, Kapayapaan at katiwasayan, kung magkagayo'y darating sa kanila ang biglang pagkawasak, ...Nguni't kayo, mga kapatid, ay wala sa kadiliman, upang sa araw na yaon ay masubukan kayong gaya ng magnanakaw." 1 Tesalonica 5:2-4.

Ano ang susunod sa mga tanda ng pagparito ni Kristo?

"At kung magkagayo'y makikita nila ang Anak ng tao na pariritong nasa isang alapaap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian." Lucas 21:27.

Ang mga tao ba'y mahahandang salubungin Siya?



Ang 2300 mga taon ayon sa hula ni Daniel ay “mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem” hanggang sa paglilinis ng santuario.

457 B.C.—inutos ni Artaxerxes, hari ng Persia ang pagsauli at pagtayong muli ng Jerusalem. (Daniel 9:24, Ezra 6:1,6-12). Pasimula ng 2300 taon.

408 B.C.— Ang pagtatayo ng Jerusalem ay natapos sa 49 mga taon ng hula ni Daniel. (Daniel 9:25).

A.D. 27—Si Jesus, na pinahiran ng Banal ng Espiritu sa Kaniyang pagbibinyag ay nagpasimulang mangaral at magturo. Mateo 3:16; Gawa 10:38. Mula 457 B.C. hanggang sa si Kristo ay “pinahiran,” ay 483 taon

A.D. 31—Ang Mesias ay “mahihwalay sa kalahati ng sanlinggo,” A.D. 31, matapos ang 3 1/2 taon ng paglilingkod. Dan. 9:27; Mateo 27:50-51. Ang natitirang 3 1/2 taon ng 70 sanlinggo ay siyang katapusan ng 490 taong itinakda para sa mga Hudyo.

“Narito, siya’y pumaparitong nasa mga alapaap; at makikita siya ng baw’t mata, at ng nagsiulos sa kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya.” Apocalipsis 1:7. “At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mga mayayaman, at ang mga makapang-yarihan, at ang baw’t alipin at ang baw’t laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok; At sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami’y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero.” Apocalipsis 6:15-16.

Ano ang dala ni Kristo sa Kaniyang pagparito?

“Sapagka’t ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel; at kung magkagayo’y bibigyan ang baw’t tao ayon sa kaniyang mga gawa.” Mateo 16:27. “Narito, ako’y madaling pumaparito; at ang aking ganting-pala ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang baw’t isa ayon sa kaniyang gawa.” Apocalipsis 22:12

Kanino ipinangako ang kaligtasan?

“Ay gayon din naman si Kristo, na inihandog na minsan upang dalhin ang mga kasalanan, sa ikaliligtas ng mga nagsisipaghintay sa kaniya.” Hebreo 9:28.

Ano ang impluwensya sa ating buhay ng pag-asang ito?

“Nalalaman natin, na kung siya’y

mahayag, tayo’y magiging katulad niya: sapagka’t siya’y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili. At sinomang mayroon ng pagasang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis.” 1 Juan 3:2-3.

Kailan tatanggapin ni Pablo ang kaniyangputong?

“Buhat ngayon ay natatahan sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kaniyang pagpapakita.” 2 Tim. 4:8.

Ano ang paraan ng Kaniyang pagparito?

“At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, nang siya’y tinitingnan nila, ay dinala siya sa itaas; at siya’y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa kanilang mga paningin. At samantalang tinititigan nila ang langit habang siya’y lumalayo, narito may dalawang lalaking nakatayo sa tabi nila na may puting damit; Na nagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo’y nakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit.” Gawa 1:9-11.

Papaano Siya darating?

“Sapagka’t ang Anak ng tao ay pariritong nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama na kasama ang kaniyang mga anghel;” Mateo 16:27. “At kung

magkagayo’y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo’y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at makikita nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.” Mateo 24:30.

Ano ang babalang ibinigay ni Kristo?

“Kung magkagayon, kung may magsabi sa inyong sinomang tao, Narito ang Cristo, o, Nariyan; huwag ninyong paniwalaan. Sapagka’t may magsisilitaw na mga bulaang Cristo, at mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa’t ililigaw, kung maaari, pati ng mga hirang. Narito, ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo. Kaya nga kung sa inyo’y kanilang sasabihin, Narito, siya’y nasa ilang; huwag kayong magsilabas: Narito, siya’y nasa mga silid; huwag ninyong paniwalaan.” Mateo 24:23-26.

Gaano kalantad ang pagparito ni Kristo?

“Sapagka’t gaya ng kidlat na kumiklat sa silanganan, at nakikita hanggang sa kalunuran; gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao.” Mateo 24:27.

Ano ang magaganap sa paghihip ng pakakak?

“Sapagka’t ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang namatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na

maguli;” 1 Tesalonica 4:16.

Ano ang paghiwalay na magaganap sa panahong iyon?

“Datapuwa’t pagparito ng Anak ng tao na nasa kaniyang kaluwalhatian, na kasama niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo’y luluklok siya sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian: At titipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila’y pagbubukdinbukdin niya na gaya ng pagbubukodbukod ng pastor sa mga tupa at sa mga kambing;” Mateo 25:31-32.

Ano ang sasabihin Niya sa nasa kanan?


“Kung magkagayo’y sasabihin ng Hari sa nasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan;” Mateo 25:34.

Ano ang sasabihin Niya sa nasa kaliwa?

“Kung magkagayo’y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel;” Mateo 25:41.

Sino ang kakanlungan ng Panginoon?

“At ang Panginoon’y angal mula sa Sion, at palalakasin ang kaniyang tinig mula sa Jerusalem; at ang langit at ang lupa ay mayayanig: nguni’t ang Panginoon



A.D. 34—Pagbato kay Esteban. Mula sa panahong iyon ang ebanghelyo ay ipinangaral sa mga Hentil. Dan. 9:24; Gawa 7:54—58: 8:1. Mula 457 B.C. hanggang sa “mga panahon ng Hentil,” 490 mga taon o 70 linggo
A.D. 1844—Ang tatlong pabalita ng Apokalipsis 14:6-12 ay ipinangaral sa buong mundo.
A.D. 1844—Katapusan ng 2300 taon. Paglilinis ng santuario sa langit sa panahon ng paghatol ng Dios. Daniel 8:14; Apokalipsis 14:7.

ay magiging kanlungan sa kaniyang bayan, at katibayan sa mga anak ni Israel.” Joel 3:16. Jeremias 25:30–31; Haggai 2:21; Hebreo 12:26; Mga Awit 91:5–10.

Ano ang sabi ni Pablo ukol dito?

“Sa ikalawa’y pakikita na hiwalay sa kasalanan, sa ikaliligtas ng mga nagsisipaghintay sa kaniya.” Hebreo 9:28.

Ano ang mangyayari sa masasama sa pagparito ni Kristo?

“At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng tao. Sila’y nagsisikain, sila’y nagsisiinom, sila’y nagaasawa, at sila’y pinapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok sa daong si Noe, at dumating ang paggunaw, at nilipol silang lahat. Gayon din naman kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot; sila’y nagsisikain, sila’y nagsisiinom, sila’y nagsisibili, sila’y nagbibili, sila’y nagtatanim, sila’y nagtatayo ng bahay. Datapuwa’t nang araw na umalis sa Sodoma si Lot, ay umulan mula sa langit ng apoy at asupre, at nilipol silang lahat: Gayon din naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng tao ay mahayag.” Lucas 17:26-30.

Millenium

Mayroong ilang resureksyon?

“Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka’t dumarating ang oras, na ang

lahat ng nasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig. At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.” Juan 5:28-29.

Sino ang kasama sa unang resureksyon?

“Mapalad at banal ang makalakup sa unang pagkabuhay na maguli: sa mga ito’y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan; kundi sila’y magiging mga

saserdote ng Dios at ni Cristo, at maghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon.” Apokalipsis 20:6.

Gaano katagal mabibilanggo si Satanas sa lupang ito?

“At nakita ko ang isang anghel na nananaog mula sa langit, na may susi ng kalaliman at isang malaking tanikala sa kaniyang kamay. At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diablo at Satanas, at ginapos na isang libong taon, At siya’y ibinulid sa kalaliman

at sinarhan, at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang huwag ng magdaya sa mga bansa, hanggang sa maganap ang isang libong taon...” Apokalipsis 20:1-3.

Ano ang mangyayari kay Satanas pagkatapos ng isang libong taon?

“Pagkatapos nito ay kailangang siya’y pawalang kaunting panahon.” Apokalipsis 20:3.

Kailan bubuhaying muli ang masasama?

“Ang mga iba sa mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon. Ito ang unang pagkabuhay na maguli.” Apokalipsis 20:5.

Ano ang gagawin ni Satanas matapos buhaying muli ang mga masasama?

“At kung maganap na ang isang libong taon, si Satanas ay kakalagan sa kaniyang bilanguan, At lababas upang dumaya sa mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa, sa Gog at sa Magog, upang tipunin sila sa pagbabaka: na ang bilang nila ay gaya ng buhangin sa dagat.” Apokalipsis 20:7-8.

Kanino makikipaglaban ang masasama at ano ang kahihinatnan nito?

“At nagsipanhihik sila sa kalaparan ng lupa, at kinubbob ang kampamento ng mga banal, at ang bayang iniibig: at bumaba ang apoy mula sa langit, at sila’y nasupok.” Apokalipsis 20:9.

Ano’ng uri ng kamatayan ito?

“Na siyang tatanggap ng kaparusahan, na walang hanggang kapahamakang mula sa harapan ng Panginoon at mula sa

Pasimula ng Millenium

1. Katapusan ng pitong huling salot
2. Ikalawang pagparito ni Kristo
3. Binuhay na muli ang mabubuti
4. Nilipol ang masasama
5. Pag-akyat sa Langit ng matuwid

Ang millenium ay ang pagtatapos ng panahon ng Dios—isang dakilang 1,000 taong kapahingahan para sa mga anak ng Dios.

Ito’y kasunod ng pagtatapos ng panahon ng ebanghelyo at bago ang pagkatatag ng walang hanggang kaharian ng Dios sa lupa.

Ipinakilala nito ang binabanggit sa Kasulatang “kaarawan ng Panginoon.”

Ito’y nagpapasimula at nagtatapos sa pamamagitan ng resureksyon.

Ito’y magpapasimula sa pamamagitan ng pagbubuhos ng pitong huling salot, ng ikalawang pagparito ni Kristo, ng pagkabuhay na muli ng mga namatay na matuwid, ng pagbulid kay Satanas, at ang pag-akyat ng mga banal sa langit, at magtatapos sa pamamagitan ng pagbaba ng Bagong Herusalem mula sa langit, ng pagkabuhay na muli ng mga namatay na

Katapusan ng Millennium

1. Pagbaba ni Kristo at ng mga banal.
2. Pagbaba ng Banal na Siyudad.
3. Pagkabuhay na muli ng masasama.
4. Pinakawalan si Satanas
5. Nilipol ang masasama

masasama, ng pagkalag kay Satanas, at ang huling paglipol sa masasama.

Sa loob ng isang libong taon ang lupa ay parang ilang, si Satanas at ang kaniyang mga anghel ay nakabilanggo rito at ang mga banal at si Kristo ay hahatol sa masasama bago ang kanilang huling kaparusahan.

Sa panahong ito ang masasama ay bubuhaying muli, si Satanas ay kakalagan ng panandali, at palilibutan niya at ng hukbo ng masasama ang kampo ng mga banal at ang Banal na Siyudad. Sa panahong ito ay bababa ang apoy mula sa langit at lilipulin sila. Ang lupa ay lilinis ng gayon ding apoy na lilipol sa masasama. Ang lupa, na nabago na ang siyang magiging tahanan ng mga banal magpakailanman.

Ang millennium ay isa sa mga “panahong darating.” Ang pagtatapos nito ay siyang pasimula ng bagong lupa.

kaluwalhatian ng kaniyang kapangyarihan.” 2 Tesalonica 1:9.

Tahanan Ng Mga Naligtas

Bakit nilikha ang Lupa?

“Sapagka’t ganito ang sabi ng Panginoon na lumikha ng langit, na siyang Dios na naganyo sa lupa at gumawa niyaon, na kaniyang itinatag, at hindi niya nilikha na sira, na kaniyang inanyuan upang tahanan: ako ang Panginoon; at wala nang iba.” Isaias 45:18.

Kanino ibinigay ng Dios ang lupa?

“Ang mga langit ay mga langit ng Panginoon; Nguni’t ang lupa ay kaniyang ibinigay sa mga anak ng mga tao.” Awit 115:16.

Bakit nilikha ang tao?

“Iyong pinapagtataglay siya ng kapangyarihan sa mga gawa ng iyong mga kamay; Iyong inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kaniyang mga paa.” Awit 8:6.

Nang tinukso ni Satanas si Kristo ano ang kaniyang inangkin?

“At iniakyat pa siya niya, at pinakita sa kaniya sa sandaling panahon ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan. At sinabi sa kaniya ng diablo, Sa iyo’y ibibigay ko ang lahat ng kapamahalaang ito, at ang kaluwalhatian nila: sapagka’t ito’y naibigay na sa akin; at ibibigay ko kung kanino ko ibig.” Lucas 4:5–6.

Bakit sinabi ni Kristo na ang maaamo ay mapalad?

“Mapapalad ang maaamo sapagka’t mamanahin nila ang lupa.” Mateo 5:5.

Ano ang ipinakita kay apostol Juan sa pangitain?

“At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa sapagka’t ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na.” Apocalipsis 21:1.

Ano ang mapayapang kondisyon na maghahari sa boung lupa?

“Sila’y hindi gagawa ng walang kabuluhan, o manganganak man para sa kasakunaan, sapagka’t sila ang lahi ng mga pinagpala ng Panginoon, at ang kanilang mga anak na kasama nila.” Isaias 65:25.

Ano ang ipangingilin sa bagong lupa?

“Sapagka’t kung paanong ang mga



Family Reunion Sa Langit

bagong langit at ang bagong lupa, na aking lilikhain ay mananatili sa harap ko, sabi ng Panginoon, gayon mananatili ang inyong lahi, at ang inyong pangalan. At mangyayari, na mula sa bagong buwan hanggang sa panibago, at mula sa isang sabbath hanggang sa panibago, paroroon ang lahat na tao upang sumamba sa harap ko, sabi ng Panginoon.” Isaias 66:22-23.

Ang Bagong Jerusalem

Ano ang nakita ni Juan ukol sa siyudad na ito?

“At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa.” Apocalipsis 21:2.

Ilan ang saligan ng siyudad?

“At ang kuta ng bayan ay may

labingdalawang pinagsasaligan, at sa mga ito’y ang labingdalawang pangalan ng labingdalawang apostol ng Cordero.” Apocalipsis 21:14.

Sino ang hindi makapapasok sa siyudad?

“At hindi papasok doon sa anomang paraan ang anomang bagay na karumaldumal, o siyang gumagawa ng kasuklamsuklam at ng kasinungalingan: kundi yaon lamang mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Cordero.” Apocalipsis 21:27.

Ano ang dumadaloy sa siyudad?

“At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, na maningning na gaya ng bubog, na lumalabas sa luklukan ng Dios at ng Cordero.” Apocalipsis 22:1.

Ano ang nasa magkabilang panig ng ilog?

“Sa gitna ng lansangang yaon. At sa dako rito ng ilog, at sa ibayo nito, naroon

ang punong kahoy ng buhay, na namumunga ng labingdalawang iba’t ibang bunga, na namumunga sa bawat buwan: at ang mga dahon ng punong kahoy ay pangpagaling sa mga bansa.” Apocalipsis 22:2.

Ano ang masusumpungan sa mga lansangan ng siyudad?

“At ang lansangan ng bayan ay dalisay na ginto, na gaya ng naaaninag na bubog.” Apocalipsis 21:21.

Bakit hindi mangangailangan ang siyudad ng araw at buwan?

“At ang bayan ay hindi nangangailangan ng araw, o ng buwan man, upang lumiwanag sa kaniya: sapagka’t nililiwanagan ng kaluwalhatian ng Dios, at ang ilaw doon ay ang Cordero. At ang mga bansa ay lalakad sa pamamagitan ng liwanag nito: at ang mga hari sa lupa ay magdadala ng kanilang karangalan sa loob niyaon.” Apocalipsis 21:23-24. “At hindi na magkakaroon pa ng gabi, at sila’y hindi nangangailangan ng liwanag man ng araw; sapagka’t liliwanagan sila ng Panginoong Dios: at sila’y maghahari magpakailan kailan man.” Apocalipsis 22:5. Gayon din ang Isaias 60:19–20.

Sino ang pahihintulatang makapasokdito?

“Mapapalad ang tumutupad ng kaniyang mga utos, upang sila’y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan.” Apocalipsis 22:14. □

“Natapos ang malaking tunggalian. Wala na ang kasalanan at makasalanan.

Malinis na ang buong sansinukob. Pagkakaisa at katuwaan ang naghahari sa lahat ng nilalang. Mula sa

Kaniya na Maylalang sa lahat ay dadaloy ang buhay at liwanag at kaligayahan, sa buong kaharian ng walang-hanggang kalawakan. Mula sa kaliit-liitan hanggang sa pinakamalaking sanlibutan, ang lahat ng bagay, sa kanilang hayag na kagan-dahan at sakdal na katuwaan ay pawang nagpapahayag na ang Dios ay pag-ibig.” *Great Controversy*, 678.

Ipadala ang inyong mga sulat at katanungan sa :

EFW International
24-A Federal Drive #370
Jackson, TN 38305 USA